# THE STORY OF GOD



Volume 4

## *from* CHRIST *to* NEW CREATION

(TAGALOG STUDY GUIDES)

TREASURING CHRIST PH

# THE STORY OF GOD



Volume 4

# *from* CHRIST *to* NEW CREATION

(TAGALOG STUDY GUIDES)

TREASURING CHRIST PH

***The Story of God***
***Volume 4: From Christ to New Creation***
© 2026 by Treasuring Christ PH

Scripture quotations marked (MBB) are taken from *Magandang Balita Biblia* © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

Scripture quotations marked (ASD) are taken from *Ang Salita ng Dios* © 2010 Biblica Publishing, used with permission.

Bible illustrations are from © Sweet Publishing, https://unfoldingword.org/sweet-publishing/.

Contents are adapted from Derick Parfan's 2012 sermon series "The Story of God" preached at Baliwag Bible Christian Church in Baliwag City, Bulacan. Sermon notes and audio can be accessed here: https://treasuringchristph.org/sermons/the-story-of-god/.

Cover design by Em Quiambao

PDF ISBN: 978-621-8484-17-7
Print ISBN: 978-621-8484-16-0

Published by Treasuring Christ PH
Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag City, Bulacan 3006 Philippines
tcphbooks@gmail.com

For more resources, please visit our website (https://treasuringchristph.org) and Facebook page (https://facebook.com/treasuringchrist.ph/).

# Contents

Chapter 69 – The Birth of Jesus ........ 1
Chapter 70 – The Coming of the King ........ 4
Chapter 71 – The Baptism of Jesus ........ 8
Chapter 72 – The Temptation of Jesus ........ 11
Chapter 73 – The First Disciples ........ 14
Chapter 74 – Jesus Above Satan, Sin and Sickness ........ 17
Chapter 75 – Jesus Above Nature and Death ........ 21
Chapter 76 – Rejection of Jesus ........ 25
Chapter 77 – The Parables of Jesus ........ 28
Chapter 78 – The Training of Jesus' Disciples ........ 32
Chapter 79 – The Death of Jesus ........ 37
Chapter 80 – The Resurrection of Jesus ........ 42
Chapter 81 – The Ascension of Jesus ........ 46
Chapter 82 – The Coming of the Spirit ........ 49
Chapter 83 – Witnesses in Jerusalem ........ 53
Chapter 84 – Witnesses in Judea and Samaria ........ 56
Chapter 85 – Witnesses to the Ends of the Earth ........ 59
Chapter 86 – The Spirit Dwells Inside Us ........ 63
Chapter 87 – The Spirit Helps Us Kill Our Sins ........ 67
Chapter 88 – The Spirit Takes Control of Our Lives ........ 70
Chapter 89 – The Spirit Helps Us in Our Sufferings ........ 74
Chapter 90 – God Sustains Our Faith to the End ........ 78
Chapter 91 – God will Make All Things New ........ 82

# Chapter 69 – The Birth of Jesus

Story from **Matthew 1; Luke 1–2**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Ibinalik ng Diyos ang mga Israelita mula sa pagkabihag sa Babylonia tungo sa lupang ibinigay ng Diyos sa kanila. Pero sa loob ng mahigit 400 taon hindi na nagpapadala ang Diyos ng mga propeta sa kanila. Ang mga Israelita, na ngayo'y tinatawag nang mga Judio, ay napasailalim sa kontrol ng iba't ibang kaharian sa panahong ito tulad ng Persia at Greece.

Ngayon, sila na ay pinamumunuan ng mga Romano, isa sa pinakamakapangyarihang kaharian sa kasaysayan ng mundo. Naghihintay pa rin ang mga Judio at umaasang darating ang isang haring galing sa lahi ni David na magliligtas sa kanila at tutupad sa pangako ng Diyos kay Abraham. Inaakala nilang ang haring ito ang mangunguna sa kanila sa pagpapatalsik sa mga Romano.

Sa wakas, pagkaraan ng mahigit 400 daang taong pananahimik ng Diyos, nagpadala siya ng isang anghel sa isang dalaga na ang pangalan ay Maria na nakatira sa Nazareth. Nakatakda siyang pakasal sa isang lalaking nagngangalang Jose, na siyang galing sa lahi ni Haring David, at galing din sa lahi ni Abraham.

Sinabi ng anghel kay Maria, *"Huwag kang matakot dahil pinagpala ka ng Diyos. Magbubuntis ka at manganganak ng isang lalaki at papangalanan mong Jesus (ibig sabihin, 'Si Yahweh ang Nagliligtas'), dahil ililigtas niya ang kanyang bayan. Ibibigay sa kanya ang trono ni David at ang paghahari niya ay walang katapusan.Tatawagin din siyang Emmanuel (na ang ibig sabihin ay, 'Kasama natin ang Diyos.')."*

Tanong ni Maria, *"Paano po ito mangyayari gayong dalaga pa ako?"*

Sagot ng anghel, *"Sasaiyo ang Espiritu ng Diyos, kaya tatawagin ang anak mo na Anak ng Diyos. Mangyayari ito dahil walang imposible sa Diyos."*

Sumagot si Maria, *"Alipin po ako ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang sinabi n'yo."*

Totoo nga, sa sumunod na taon, nang pumunta sina Jose at Maria sa Bethlehem, at habang sila ay nasa isang sabsaban dahil wala silang matuluyan, nagsilang si Maria ng isang lalaki at pinangalanang Jesus.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Isalarawan ang nararamdaman ng mga Judio sa loob ng mahabang panahong sakop sila ng iba't ibang kaharian.

2. Anu-ano ang natatandaan n'yong mga pangako ng Diyos na di pa natutupad sa mga panahong ito (tulad ng kay Abraham at kay David)?

3. Anu-anong tanong sa tingin n'yo ang pumapasok sa isip ng mga Judio tungkol sa mga pangakong ito?


4. Ano ang ipinapakita ng Diyos tungkol sa kanya sa pagdating ni Jesus?

5. Ayon sa mga pangalan at titulong bigay sa kanya (Jesus, Cristo o Mesias, Emmanuel), sino si Jesus at ano ang misyon niya sa kanyang pagparito?

6. Ano sa tingin mo ang mararamdaman nina Jose at Maria sa balitang ito ng pagdating ng Mesias? Kung ikaw si Jose at si Maria, ano ang mararamdaman mo?

7. Ano ang nais ng Diyos na maramdaman natin sa pagdating ni Jesus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagdating ni Jesus ay katuparan ng pangako ng Diyos—pagpapala sa lahi ni Abraham, at kahariang walang katapusan kay Haring David.
- ✓ Ang kapanganakan ni Jesus ay gawa ng Diyos. Walang imposible sa kanya.
- ✓ Si Jesus ay tunay na Diyos at tunay na Tao. Ang pangalan (Jesus) at titulong (Cristo o Mesias) bigay sa kanya ay nagpapakita ng misyon niya bilang Tagapagligtas at Hari.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 1:18–25; Lucas 1:26–28; 2:1–7**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Lucas 1:32–33**, “Siya’y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David upang maghari sa angkan ni Jacob magpakailanman. Ang kanyang paghahari ay pangwalang hanggan” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Sends Jesus the Redeemer-King” sa https://bit.ly/SOG37-jesusbirth.

# Chapter 70 – The Coming of the King

Story from **Matthew 2; Luke 2**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Ipinakita ng Diyos na si Jesus ang Cristo, ang pinakahihintay na Haring Mesias, hindi lang kina Jose at Maria, kundi sa ibang tao rin. Ibinalita rin ito ng anghel sa mga tagapag-alaga ng tupa, *"May sasabihin ako sa inyo na magandang balita na magbibigay kagalakan sa lahat ng tao."*

Pagkatapos, sinabi niya sa kanila na isinilang ang Cristo sa Bethlehem—sa bayan ni David. Pagkarinig nila ng balitang ito, dali-dali nilang hinanap ang bagong silang na sanggol at masaya silang nagpuri sa Diyos nang makita ito.

Pagdating ng ikawalong araw, tinuli si Jesus ayon sa kasunduan ng Diyos kay Abraham. Sa ika-40 araw naman, dinala siya nina Jose at Maria sa templo sa Jerusalem para ihandog sa Panginoon ayon sa Kautusan. Dahil mahirap lang sila, naghandog sila ng dalawang kalapati para sa Panginoon.

Pagkatapos noon, nakita si Jesus ng isang lalaking matuwid at tapat sa Diyos na si Simeon. Kinarga niya ito at nagpuri sa Diyos, *"Panginoon, puwede na po akong mamatay dahil nakita na ng sarili kong mata ang Tagapagligtas ng Israel at ng buong mundo."* Nasabi niya iyon dahil sinabi sa kanya ng Banal na Espiritu na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang haring ipinangako ng Panginoon.

Pagkaraan ng dalawang taon, may ilang mga dalubsahang tao (ang tawag ay "mago") na galing sa silangan ang dumating sa Jerusalem at nagtanung-tanong, *"Saan ba ipinanganak ang hari ng mga Judio? Naparito kami upang sambahin siya."*

Nabalitaan ito ni Herodes - itinalagang hari sa Judea ng mga Romano - kaya nabagabag siya. Nang sabihin sa kanya ng mga tagapagturo ng Kautusan na sa Bethlehem isisilang ang Mesias ayon kay propeta Micah, ipinatawag niya ang mga mago at sinabing pumunta sa Bethlehem at balitaan din siya kapag nakita nila.

Habang naglalakbay sila, lumitaw ang isang bituin na gumabay sa kanila patungo sa kinaroroonan ng sanggol. Pagpasok nila sa bahay, nakita nila ang batang si Jesus. Lumuhod sila, sumamba kay Jesus, at binigyan siya ng mga mamahaling regalong angkop para sa isinilang na hari.

Umuwi na ang mga mago at hindi na bumalik kay Herodes ayon sa bilin ng Diyos sa kanila. Dahil dito, galit na galit si Herodes. Ipinapatay niya ang lahat ng batang lalaki—dalawang taong gulang pababa—sa Bethlehem. Pero iniligtas ng Diyos si Jesus mula sa panganib na ito.

At lumaki si Jesus na malusog at marunong, minamahal ng Diyos at ng lahat ng nakakilala sa kanya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit magandang balita para sa mga tagapag-alaga ng tupa ang pagdating ni Jesus? Ano ang naging reaksiyon nila dito? Ano ang matututunan natin doon?

2. Bakit magandang balita para kay Simeon ang pagdating ni Jesus? Ano ang naging reaksiyon niya dito? Ano ang matututunan natin doon?

3. Bakit magandang balita para sa mga mago ang pagdating ni Jesus? Ano ang naging reaksiyon nila dito? Ano ang matututunan natin doon?


4. Bakit masamang balita ang turing ni Herodes sa pagdating ni Jesus? Ano ang naging reaksyon niya dito? Ano ang matututunan natin doon?

5. Sa mga napagkuwentuhan ngayon, paano ipinakilala ng Diyos ang sarili niya? Paano ipinakilala ng Diyos si Jesus? Ang Espiritu?

6. Paano mo nakita sa mga kuwento ngayon ang misyon ng Diyos? Ano ang sinasabi natin nito tungkol sa misyon din natin?

7. Ano ang naririnig mong sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mong tugon sa pag-aaral natin ngayon?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagdating ni Jesus ay katuparan ng pangako ng Diyos.
- ✓ Si Jesus ay tunay na Diyos at tunay na Tao. Ang pangalan (Jesus) at titulong (Cristo o Mesias) bigay sa kanya ay nagpapakita ng misyon niya bilang Tagapagligtas at Hari.
- ✓ Ang pagdating ni Jesus ay katuparan ng pagpapalang ipinangako ng Diyos kay Abraham. Ito ay nagbibigay kagalakan sa lahat ng tao.
- ✓ Ang pagdating ni Jesus ay nananawagang sumamba sa kanya at kilalanin siyang Hari ng buhay natin.
- ✓ Misyon ng Diyos na ipadala si Jesus at ilapit ang tao sa kanya. Ganoon din ang misyon natin sa buhay.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 2:1–23; Lucas 2:8–40**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Lucas 2:10–11**, “Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, ‘Huwag kayong matakot! Ako’y may dalang magandang balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon’” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Sends Jesus the Redeemer-King” sa https://bit.ly/SOG37-jesusbirth.

# Chapter 71 – The Baptism of Jesus

Story from **Matthew 3**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Dumating ang panahon na si Juan ay nangaral sa mga Judio para ihanda sila sa pagdating ng Mesias. Si Juan ay pinsang makalawa ni Jesus, matanda lang ng anim na buwan kay Jesus.

Matapang niyang hinahamon ang mga Judio, *"'Wag n'yo lang basta sabihing mahal n'yo ang Diyos—patunayan n'yo 'to sa buhay n'yo. Tumalikod na kayo sa mga kasalanan n'yo at magbalik-loob sa Diyos! Huwag n'yong isiping makaliligtas kayo sa parusa ng Diyos dahil lang galing kayo sa lahi ni Abraham."*

Nakilala siya na Juan na Tagapagbautismo dahil inilulubog niya sa tubig sa Ilog Jordan ang mga taong ipinagtatapat ang kanilang mga kasalanan. Sa panahong iyon, ang pagpapabautismo ay tanda ng pagtalikod sa kasalanan at pagpili sa isang bagong paraan ng pamumuhay.

Nang tanungin si Juan ng mga tao kung siya ba ang Mesias, sagot niya, *"Hindi ako! Pero may isang parating na higit na mas makapangyarihan kaysa sa akin—ni hindi nga ako karapat-dapat magtanggal ng kanyang sandalyas o maging alipin man lang niya. Siya ang abangan n'yo…nagbabautismo ako sa tubig, pero siya'y magbabautismo sa Espiritu ng Diyos at sa apoy! Tulad siya ng isang taong dala-dala ang kanyang gamit upang ihiwalay ang ipa sa butil ng trigo. Ilalagay niya ang mga trigo sa bodega, at ang ipa'y susunugin niya sa apoy na hindi mamamatay kailanman."*

Hindi nagtagal, dumating nga ang tinutukoy ni Juan na Mesias—walang iba kundi si Jesus. Pumunta si Jesus sa Ilog Jordan para magpabautismo kay Juan.

Nang makita siya ni Juan, nagtaka siya, *"Bakit ikaw ang magpapabautismo sa akin? Ako pa nga ang dapat magpabautismo sa iyo."*

Pero sinabi ni Jesus, *"Hayaan mong mangyari ito ngayon, dahil ito ang nararapat nating gawin upang matupad ang lahat ng kalooban ng Diyos."*

Dahil dito, binautismuhan ni Juan si Jesus. Pag-ahon ni Jesus mula sa tubig, bumaba ang Espiritu ng Diyos mula sa langit—para itong isang kalapating dumapo sa kanya.

Pagkatapos, may isang boses na narinig mula sa langit, *"Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang matututunan natin tungkol kay Juan sa eksenang ito?

2. Ano ang mensahe niya sa mga tao?


3. Bakit pumupunta ang mga tao para magpabautismo kay Juan?

4. Kung wala namang kasalanan si Jesus, bakit siya kailangang magpabautismo? Pwedeng tingnan ang **2 Corinto 5:21**.

5. Ano sa tingin mo ang kahalagahan ng sabihin ng Diyos kay Jesus, "Ito ang aking anak na minamahal…"? Ano ang gustong patunayan ng Diyos sa mga tao sa pamamagitan noon? Pwedeng tingnan ang **Hebreo 4:15–16**.

6. Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kahalagahan ng pagpapabautismo sa tubig?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Lahat ng tao ay makasalanan, hiwalay sa Diyos at nasa ilalim ng kanyang hatol—pati rin ang mga religious leaders. Lahat ng tao ay kailangang magsisi at magbalik-loob sa Diyos.
- ✓ Ang Diyos lang, sa pamamagitan ng Panginoong Jesus, ang makapagliligtas sa atin.
- ✓ Si Jesu ang Anak ng Diyos na lubos niyang kinalulugdan. Ibig sabihin, wala siyang kasalanan, at lahat ng kalooban ng kanyang Ama ay sinusunod niya. Kahit wala siyang

kasalanan, naparito siya *to identify himself with sinners*, para ituring na makasalanan at siyang aako sa parusa sa ating mga kasalanan.

✓ Ang bautismo sa tubig ay hindi paraan para maligtas, kundi pagpapahayag ng pag-amin natin sa mga kasalanan natin, at pagtitiwala natin kay Cristo bilang Tagapagligtas.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 3:1–17**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Mateo 3:16–17**, “Nang mabautismuhan si Jesus, umahon siya sa tubig. Bumukas ang langit at nakita ni Jesus ang Espiritu ng Diyos na bumaba sa kanya na tulad ng isang kalapati. At may boses na narinig mula sa langit na nagsasabi, ‘Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan’” (ASD).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Prepares the Way to His Kingdom” sa https://bit.ly/SOG38-preparation.

# Chapter 72 – The Temptation of Jesus

Story from **Matthew 4**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos bautismuhan si Jesus, agad siyang dinala ng Espiritu ng Diyos sa disyerto para tuksuhin ng diyablo sa loob ng 40 araw. Sa mga araw na iyon, nag-ayuno si Jesus—hindi siya kumain para manalangin. Pagkatapos ng 40 araw, nagutom siya.

Sinubukang tuksuhin ni Satanas si Jesus para siya'y magkasala. Sabi niya, *"Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, bakit hindi mo gawing tinapay ang mga batong ito para may makain ka?"*

Sinagot siya ni Jesus, *"Hindi! Nang magsalita ang Diyos kay Moises sinabi niya, 'Hindi lang pagkain ang kailangan ng tao para mabuhay. Kailangan nilang mabuhay sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos.'"*

Tapos, dinala ni Satanas si Jesus sa tuktok ng pinakamataas na gusali sa Jerusalem at sinabi, *"Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, tumalon ka nga! Di ba't sinasabi sa inyong Banal na Kasulatan na, 'Magpapadala ang Diyos ng kanyang mga anghel para saluhin ka at hindi tumama sa lupa!'"*

Sumagot si Jesus, *"Isinulat din ni Moises, 'Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos.'"*

Tapos, dinala naman siya ni Satanas sa tuktok ng isang mataas na bundok. Ipinakita niya sa kanya ang lahat ng mga kaharian sa mundo at ang mga kayamanan at kadakilaan ng mga nito. Sabi niya, *"Ibibigay kong lahat ito sa iyo—kahit anong gusto mo—kung luluhod ka sa harap ko at sasamba sa akin."*

Sumagot si Jesus, *"Lumayas ka sa akin, Satanas! Ipinag-uutos ng Diyos, 'Pahalagahan mo ang Diyos nang higit sa lahat at siya lang sasambahin mo!"*

Pagkatapos, iniwan na siya ni Satanas at dumating ang mga anghel mula sa Diyos para pagsilbihan si Jesus.

Sa panahong ito, halos 30 taon na si Jesus. Sa buong buhay niya ni hindi man lang siya nagkasala o nagrebelde laban sa Diyos. Lagi niyang pinipiling gawin kung ano ang mabuti, kung ano ang tama, at kung ano ang nakalulugod sa Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa sarili mong salita, ano ang mga tuksong iniharap ni Satanas kay Jesus? [Makikita rin ito kung paano sumagot si Jesus sa bawat tukso.]

2. Saang bahagi ng Kuwento nakita mo nang ginawa ito ni Satanas?

3. Paano tumugon si Jesus sa mga tukso ni Satanas? Paano ito iba sa naging tugon nina Adan at Eba?

4. Ano ang hinahamon ni Satanas nang tanungin niya si Jesus, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos…”?


5. Saang ibang bahagi ng Kuwento nakita nating hinamon din ni Satanas ang tao at tinukso? Hinamon din ba niya ang pagkakakilanlan o identity ni Eba?

6. Ano ang naiiisip mo, nararamdaman o reaksiyon mo sa bahagi ng eksenang ito na sinabi, “Sa buong buhay niya ni hindi man lang siya nagkasala o nagrebelde laban sa Diyos. Lagi niyang pinipiling gawin kung ano ang mabuti, kung ano ang tama, at kung ano ang perpekto”?

7. Naging tapat ba ang mga tao sa pagdesisyon kung ano ang mabuti at ano ang masama, ano ang tama at ano ang mali? Pero si Jesus ay isang tao rin…paano ito magiging posible!?

8. Kung totoong tao si Jesus, paano natin makikita dito na katulad din natin siya? Ano naman ang malaking pinagkaiba niya sa atin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Jesus is tempted in every way—just like us. Ipinapakita dito ng Diyos na ang dumating na Tagapagligtas ay tulad din natin na dumaan sa maraming tukso. Pinapakita nito na totoong tao siya at naranasan ang mga kabigatang nararanasan natin dahil sa gawa ni Satanas.
- ✓ Tinukso siyang tulad natin. Pero may ipinagkaiba siya sa atin. Jesus overcame every temptation—not like us.
- ✓ Si Jesus ang Tagapagligtas na kailangan natin dahil siya'y nagtagumpay sa lahat ng tukso para sa atin na paulit-ulit na nahulog sa tukso.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 4:1–11; Lucas 4:1–13**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Hebreo 4:15–16**, "Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala. Kaya't huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos upang makamtan natin ang habag at pagpapala na tutulong sa atin sa panahon ng ating pangangailangan" (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Prepares the Way to His Kingdom" sa https://bit.ly/SOG38-preparation.

# Chapter 73 – The First Disciples

Story from **Matthew 4**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Di nagtagal, nakita ni Juan na lumalapit si Jesus papunta sa kanya at sumigaw siya, *"Tingnan n'yo! Narito ang Tupang Ihahandog para sa Diyos—siya ang mag-aalis sa mga kasalanan ng mga tao sa mundo!"*

Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng dagat, sinabi niya sa ilan sa mga tagasunod ni Juan, *"Halikayo at sumunod kayo sa akin!"* Agad nilang iniwan ang lahat at sumunod kay Jesus.

Mula noon, laging kasama ni Jesus ang ilan sa kanyang malalapit na mga tagasunod, na tinatawag na disipulo (o alagad), at ipinapakita sa kanila kung paano mamuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos. Naglalakbay si Jesus kasama ang kanyang mga disipulo sa mga lugar kung nasaan ang mga tao tulad ng palengke, mga bahay, at bahay-sambahan (sinagoga) ng mga Judio, at doo'y itinuturo sa kanila ang kalooban ng Diyos.

Nagdala siya ng bagong mensahe sa kanila at sinasabing, *"Dumating na ang Kaharian ng Diyos. Ngayon ay tumalikod na kayo sa inyong mga kasalanan, maniwala sa magandang balitang ito, at magsimulang lumapit sa Diyos!"*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit sinabi ni Juan, "Tingnan n'yo! Ang Tupang Ihahandog para sa Diyos!"

2. Ano sa tingin mo ang mga naisip ng mga tao nang sabihin niya ito? Ano ang implikasyon nito tungkol sa kung sino si Jesus? Anong detalye ang naaalala n'yo tungkol sa tupang inihahandog tuwing Pista ng Paglampas ng Anghel (o Passover)?

3. Ano ang matutunan natin sa kuwentong ito tungkol kay Jesus?


4. Ano ang mensaheng dala ni Jesus? Ano ang ibig sabihin ng "kaharian ng Diyos?"

5. Mabuting balita ba ang mensahe ng kaharian ng Diyos sa mga makasalanan—lalo na yung mga nagpapatuloy sa pagrerebelde sa paghahari ng Diyos? Bakit o bakit hindi?

6. Ano ang nais ni Jesus na maging tugon ng mga tao sa mensahe niya? Ano ang ibig sabihin ng "pagsisisi" (*repentance*) at "pananampalataya" (*faith*)? Bakit ito hindi pwedeng paghiwalayin?

7. Ano ang ibig sabihin ng pagtawag ni Jesus na sumunod tayo sa kanya? Ano ang matututunan natin sa pagtugon ng mga disciples ni Juan sa "call of discipleship" ni Jesus sa kanila?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Si Jesus ang "Tupa" na ipinadala ng Diyos para ihandog para sa ating mga kasalanan.
- ✓ Kung sa pagdating ni Jesus ay pagdating din ng kaharian ng Diyos, masamang balita iyon para sa mga nagrerebelde sa paghahari ng Diyos at nananatiling hiwalay kay Cristo.
- ✓ Ano ang dapat nating maging tugon?
  - *Repent*. Ibig sabihin, amining ikaw ay makasalanan at kailangan mo ng Tagapagligtas, magdesisyong talikuran ang kasalanan at anumang bagay na hadlang sa pagpasok sa kaharian ng Diyos at pagsunod sa kanya.
  - *Believe in Jesus and his gospel*. Mabuting balita ang pagdating niya kung paniniwalaan mo. Magtiwala ka sa kanya. Ilagak mo ang buhay mo sa kanya.
  - *Follow him everyday 'til the day you die.* Kung ano sinabi niya, wala nang isip-isip pa o pag-aalinlangan, sundin agad. "Yes, Lord" palagi ang sagot.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 4:12–25**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Mateo 4:17**, “Simula noon, nangaral na si Jesus. At ito ang kanyang mensahe: ‘Pagsisihan na ninyo ang inyong mga kasalanan, dahil malapit na [o, dumating na] ang paghahari ng Diyos’” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Prepares the Way to His Kingdom” sa https://bit.ly/SOG38-preparation.

# Chapter 74 – Jesus Above Satan, Sin and Sickness

Story from **Mark 1-2**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Habang si Jesus ay nasa Capernaum, pagdating ng Araw ng Pamamahinga (*Sabbath*) pumunta sila sa bahay-sambahan ng mga Judio (*sinagoga*) at doon ay nangaral si Jesus. Namangha ang mga tao sa narinig nila kay Jesus dahil kung magturo siya ay may awtoridad, di tulad ng mga tagapagturo nila noon.

Habang nagtuturo si Jesus, may isang lalaki na sinaniban ng masamang espiritu ang biglang nagsisigaw, *“Ano ang pakialam mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba upang puksain kami? Kilala kita. Ikaw ang Banal na sugo ng Diyos!”* Sinaway ni Jesus ang masamang espiritu, *“Tumahimik ka at lumabas sa kanya!”* Pinangisay ng masamang espiritu ang lalaki, at pasigaw siyang lumabas sa kanya.

Namangha ang lahat ng nakakita at sinabi nila, *“Ano ito? Isang bagong pangangaral na may kapangyarihan! Pati masasamang espiritu napapasunod niya!”* Dahil doon, mabilis na kumalat ang balita tungkol kay Jesus sa buong Galilea.

Nang mabalitaan ng mga tao ang mga himalang ginagawa ni Jesus, dinudumog na siya ng mga tao at dinadala sa kanya ang mga may sakit at mga sinasaniban ng masamang espiritu. Anumang klase ng sakit ay napapagaling ni Jesus. Kapag pinapalayas niya ang mga masamang espiritu, hindi niya sila pinapayagang magsalita tungkol sa kanya.

Pagkalipas ng ilang araw, bumalik si Jesus sa Capernaum at nabalitaan ng mga tao na nandoon siya. Nagpuntahan ang mga tao sa bahay na tinutuluyan niya. Ipinangaral niya sa kanila ang salita ng Diyos. May mga taong dumating kasama ang isang paralitikong buhat-buhat ng apat na lalaki. Sa dami ng tao, hindi sila makalapit kay Jesus.

Kaya gumawa sila ng butas sa bubong na nasa tapat ni Jesus at ibinaba ang kasama nilang paralitiko. Nakita ni Jesus ang kanilang pananampalataya sa kanya, kaya sinabi niya sa paralitiko, *“Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo.”* Narinig ito ng mga tagapagturo ng Kautusan, at sinabi nila sa sarili nila, *“Bakit siya ganyan  magsalita? Paglapastangan iyan sa Diyos! Diyos lang ang makapagpapatawad ng kasalanan!”*

Dahil alam ni Jesus ang nasa isip nila, pinatunayan niyang siya ay may kapangyarihang magpatawad ng kasalanan. Sinabi niya sa paralitiko, *“Tumayo ka, buhatin mo ang higaan mo at umuwi ka na!”* Tumayo nga ang lalaki, agad na binuhat ang kanyang higaan at lumabas

habang nanlalaki ang matang nakatingin ang lahat. Namangha sila at nagpuri sa Diyos. Sabi nila, *“Pambihira, ngayon lang kami nakakita ng ganito!”*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Naniniwala ka ba sa mga himala? Bakit o bakit hindi? Sa tingin mo, ano ang gustong sabihin sa atin ng mga himalang ginagawa ng Diyos?

2. Ano ang mga malalaking problema ng mga tao na makikita natin sa kuwentong ito—kung titingnan ang lalaking sinasaniban ng masamang espiritu, ng lalaking lumpo, at nga mga religious leaders na hindi naniniwala kay Jesus?

3. Balikan ang kuwento sa **Genesis 3** tungkol sa pagpasok ng kasalanan sa tao. Paano mo makikita doon ang ugat ng mga problemang ito na nakita natin sa kuwento ngayon—at nananatiling problema ng mga tao ngayon?

4. Paano pinatunayan ni Jesus sa mga pangyayaring ito ang kapangyarihan o authority niya na higit kay Satanas, sa kasalanan, at sa sakit?


5. Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kung sino si Jesus? Posible kayang siya’y isang tao lang?

6. Ano ang unang ginawa ni Jesus sa lalaking lumpo—pinatawad ang kasalanan o pinagaling ang sakit? Ano ang pinapakita nito sa mas malaking problema ng tao at sa prayoridad ng misyon ni Jesus?

7. Paano ka mas namangha kay Jesus sa pamamagitan ng mga kuwentong ito? Paano mas lumalim ang pagkakilala mo sa kanya?

8. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin sa kuwentong ito sa pang-araw-araw na pagsunod natin kay Jesus bilang disciple? Sa pagtulong natin sa mga kasama natin sa church sa pagsunod kay Jesus (discipleship)? Sa misyon natin sa mundong ito (evangelism and missions)?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Pinatunayan ni Jesus na siya ang Hari at Tagapagligtas na ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng mga himala. Ang mga himala ay senyales na nagtuturo kung sino si Jesus at dapat nating pakinggan ang mga salita niya.
- ✓ Si Jesus ay may kapangyarihan laban kay Satanas at sa mga demonyo.
- ✓ Si Jesus ay may kapangyarihan na magpatawad ng kasalanan—nagpapatunay na siya ay tunay na Diyos.
- ✓ Kung si Jesus lang ang Tagapagligtas, dapat nating amining kailangan natin siya at magtiwala tayo sa kanya.



## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Marcos 1–2**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Juan 3:8**, “Ngunit ang nagpapatuloy sa kasalanan ay kampon ng diyablo, dahil ang diyablo ay gumagawa na ng kasalanan mula pa sa simula. Ito ang dahilan kung bakit naparito ang Anak ng Diyos, upang wasakin ang mga gawa ng diyablo” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Jesus Displays Kingdom Power” sa https://bit.ly/SOG39-kingdompower.

# Chapter 75 – Jesus Above Nature and Death

Story from **Mark 4–5**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Isang araw, sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, *“Tumawid tayo sa kabila ng lawa.”* Kaya iniwan nila ang mga tao at sumakay sa bangka kasama si Jesus. May ilang bangka ring sumunod sa kanila.

Maya-maya, biglang lumakas ang hangin. Hinampas ng malalaking alon ang bangka nila at halos mapuno na ng tubig. Si Jesus naman ay nasa hulihan ng bangka at natutulog nang nakaunan. Ginising nila si Jesus, *“Guro, malulunod na tayo! Balewala lang ba ito sa inyo?”*

Kaya bumangon si Jesus at sinabi sa hangin at mga alon, *“Tigil! Kumalma kayo!”* Tumigil nga ang hangin at kumalma ang dagat.

Tinanong ni Jesus ang mga tagasunod niya, *“Bakit kayo natatakot? Wala pa ba kayong pananampalataya sa akin?”*

Takot na takot sila at nag-usap-usap, *“Sino kaya ito? Kahit ang hangin at dagat ay sumusunod sa kanya!”*

Pagbalik ni Jesus sa kabila ng lawa, dinumog na naman siya ng napakaraming tao. Nandoon din si Jairus, isang pinuno sa sinagoga, isang bahay-sambahan ng mga Judio. Nakita niya si Jesus at nagmamakaawa siyang lumuhod sa harapan nito, *“Agaw-buhay po ang anak kong dalagita. Kung puwede po sana, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo ang inyong kamay sa kanya, para gumaling siya at mabuhay!”*

Sumama sa kanya si Jesus. Habang naglalakbay sila, dumating ang ilang tao mula sa bahay ni Jairus at sinabi sa kanya, *“Patay na po ang anak n’yo. Huwag n’yo nang istorbohin ang guro.”*

Pero sinabi ni Jesus kay Jairus, *“Huwag kang matakot. Manampalataya ka lang.”*

Pagdating ni Jesus sa bahay, nakita ni Jesus na nagkakagulo ang mga tao, may mga humahagulgol sa iyak. Sinabi niya sa kanila, *“Bakit kayo nag-iiyakan? Hindi patay ang bata. Natutulog lang siya.”* Pinagtawanan siya ng mga tao.

Kaya pinalabas niya lahat ng mga tao maliban sa magulang ng bata at sa tatlo niyang tagasunod. Pumasok sila sa kuwartong kinaroroonan ng bata. Hinawakan niya ang kamay ng bata at sinabi, *“Nene, bumangon ka.”* Bumangon naman agad ang bata at naglakad.

Manghang-mangha ang mga tao sa nangyari. Pagkatapos, sinabihan sila ni Jesus na bigyan ng makakain ang bata.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Kasama ba sa orihinal na nilikha ng Diyos ang mga sakuna (disasters) na katulad ng bagyo? Bakit merong mga ganito? Ano ang ipinapakita nitong kalagayan ng mundo natin ngayon?

2. Ano ang kamangha-mangha sa ginawa ni Jesus sa bagyo? Ano ang itinuturo nito tungkol sa kanya?

3. Paanong ang himalang ito ay nagsisilbing "preview" tungkol sa pagpapanumbalik ng nilikha ng Diyos sa mabuti nitong kalagayan?

4. Ano ang dapat na maging pagkilala at pagtugon natin kay Jesus kung siya ang Diyos na namamahala ng lahat ng kanyang nilikha? Basahin ang **Colossians 1:15-17** at **Hebrews 1:1-3**.

5. Sa ikalawang eksena: Bahagi ba ng orihinal na paglikha ng Diyos sa tao ang pagkakasakit at kamatayan? Bakit meron nito? Ano ang ipinapakita nito sa malaking problema natin ngayon?

6. Ano ang kamangha-mangha sa ginawa ni Jesus sa babaeng namatay? Ano ang itinuturo nito tungkol sa kanya?


7. Paano ito nagsisilbing "preview" sa darating na muling pagkabuhay ng lahat ng mga patay?

8. Ano ang dapat na maging pagkilala at pagtugon natin kay Jesus kung siya ang Diyos na nagbibigay-buhay sa mga patay? Basahin ang **Juan 5:25–29**.

9. Paano mo nakita sa kuwentong ito at sa nakaraang kuwento ang kapangyarihan ng salita ng Panginoong Jesus?

10. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin sa kuwentong ito sa pang-araw-araw na pagsunod natin kay Jesus bilang disciple? Sa pagtulong natin sa mga kasama natin sa church sa pagsunod kay Jesus (discipleship)? Sa misyon natin sa mundong ito (evangelism and missions)?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ May kapangyarihan si Jesus na mapasunod ang kalikasan at bumuhay ng patay. Nagpapatunay ito na siya ay hindi isang ordinaryong tao na tulad natin, kundi siya rin ay tunay na Diyos.
- ✓ Makapangyarihan ang salita ng Panginoong Jesus. Hindi lang tayo dapat mamangha sa kapangyarihan niya, kundi magtiwala sa mga salita niya, sumunod sa mga salita niya, at ipangaral sa iba ang mga salita niya.
- ✓ Ang mga himalang nakita natin ngayon at sa nakaraang kuwento ay nagpapakita ng kapangyarihan ng kaharian ng Diyos sa pagdating ni Jesus, at nagsisilbing “preview” din ito ng pagkalubos (*consummation*) ng kaharian ng Diyos sa muling pagbabalik ni Cristo.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Marcos 4–5**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Juan 5:25**, "Sinasabi ko sa inyo ang totoo, darating ang panahon, at dumating na nga, na maririnig ng mga patay ang salita ng Anak ng Diyos, at ang makinig sa kanya ay mabubuhay" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "Jesus Displays Kingdom Power" sa https://bit.ly/SOG39-kingdompower.

# Chapter 76 – Rejection of Jesus

Story from **Matthew 5, 12**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Bagamat marami nang tao ang humahanga kay Jesus dahil sa kanyang husay sa pagtuturo ng salita ng Diyos at may kasama pang mga himala, may mga tao ring kontra sa kanya at nagagalit tuwing maririnig at makikita siya. Pangunahin dito ang mga Pariseo, isang grupo ng mga relihiyosong Judio na istrikto sa pagsunod sa kautusan at marami pang ibang tradisyon.

Minsan kasi habang nagtuturo si Jesus, sabi niya, *"Huwag n'yong tularan ang mga Pariseo at mga tagapagturo n'yo. Kung gusto n'yong makapasok sa kaharian ng Diyos, dapat higitan n'yo ang kanilang katuwiran, na puro panlabas lang. Naparito ako hindi para balewalain ang kautusan kundi tuparing lahat ito."* Sa pagtuturo ni Jesus, ipinaliwanag niya ang tunay na kahulugan ng mga kautusan at kung paano mamuhay ang sinumang nasa ilalim ng paghahari ng Diyos.

Isa pa sa ikinagagalit ng mga Pariseong ito ay ang pagpapagaling ni Jesus tuwing araw ng Sabbath o Pamamahinga. Nang pumasok si Jesus sa bahay-sambahan ng mga Judio, may isang lalaki roon na paralisado ang kamay. Tinanong siya ng mga Pariseo, *"Ayon ba sa Kautusan na magpagaling ng sakit kapag Araw ng Pamamahinga?"*

Sinabi ni Jesus sa lalaking paralisado ang kamay, *"Iunat mo ang kamay mo."* At gumaling nga ito. Lumabas naman ang mga Pariseo at nagplano kung paano nila ipapapatay si Jesus.

Minsan may dinala ang mga tao kay Jesus na isang lalaking bulag at pipi na sinasaniban ng masamang espiritu. Pinagaling siya ni Jesus at agad na nakakita at nakagpagsalita. Namangha ang lahat at sinabing, *"Ito na nga kaya ang Anak ni David?"*

Pero ang mga Pariseo, sinabi nila, *"Kay Satanas galing ang kapangyarihan niyang magpalayas ng masasamang espiritu!"*

Simula noon, kahit pa humiling sa kanya ang ilang mga Pariseo at tagapagturo ng kautusan na magbigay siya ng tanda na magpapatunay na siya nga ang Mesias, sinabi niya sa kanila, *"Wala nang himalang ipapakita sa inyong henerasyong masasama at mga hindi tapat sa Diyos!"*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang ikinagagalit ng mga Pariseo kay Jesus? Bakit ganito na lang ang galit nila sa kanya?

2. Ano ang mapapansin mong hadlang sa puso nila na nakikita rin nating nagiging hadlang sa mga tao ngayon para lubos na sumunod kay Jesus?

3. Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niyang hindi makakapasok ang sinuman sa kaharian ng Diyos kung hindi niya hihigitan ang “katuwiran” ng mga Pariseo? Ano ba ang pagiging matuwid sa kanila? Ano ang kaibahan nito sa “katuwiran” na nais ng Diyos?

4. Ano ang naging tugon ni Jesus sa kanila? Ano ang iniiwan niyang babala sa atin dito?


5. Paano mo nakita sa kuwentong ito ang awtoridad o kapangyarihan ni Jesus sa pamamagitan ng mga sinabi at ginawa niya?

6. Sa kuwentong ito, paano mo mas nakikilala kung sino si Jesus o paano siya mas nagpapakilala sa ‘yo?

7. Ano ang naramdaman mo nang sa kabila ng tagal ng panahon mong inilaan para sa isang tao, para turuan siya tungkol kay Jesus, at patunayan sa kanya na totoo ito, ay hindi pa rin siya naniwala? Bakit kaya ganoon?

8. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin sa kuwentong ito sa pang-araw-araw na pagsunod natin kay Jesus bilang disciple? Sa pagtulong natin sa mga kasama natin sa church sa pagsunod kay Jesus (discipleship)? Sa misyon natin sa mundong ito (evangelism and missions)?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ipinapakita ni Jesus sa pamamagitan ng mga himalang ginagawa niya ang awtoridad ng mga salita at turo niya na galing sa Diyos.
- ✓ Sa kabila ng mga patunay na pinakita ng mga himala ni Jesus, matigas pa rin ang puso ng mga tao, at bulag sa katotohanan ng Diyos.
- ✓ Maraming mga tao ang ayaw sumunod kay Jesus dahil hindi nila matalikuran ang sarili nilang tradisyon, ang nakagawiang relihiyon, dahil hindi sila makapagpakumbaba at patuloy na nagmamataas at nagmamarunong.
- ✓ Karamihan naman ay nagsusumikap na tuparin ang mga utos ng Diyos para maligtas samantalang sabi ni Jesus na siya ang gumawa na noon para sa atin, na siya lang ang Tagapagligtas, hindi relihiyon o gawa natin.




## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 12**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Mateo 5:20**, “Kaya tandaan ninyo: kung hindi ninyo mahihigitan ang pagsunod ng mga tagapagturo ng Kautusan at ng mga Pariseo sa kalooban ng Diyos, hindi kayo makakapasok sa kaharian ng Diyos” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Jesus Declares the Kingdom of God” sa https://bit.ly/SOG40-kingdomparables.

# Chapter 77 – The Parables of Jesus

Story from **Matthew 13**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Isang araw, lumabas si Jesus at naupo sa tabi ng lawa. Napakaraming tao ang nagtipon sa paligid niya. Marami siyang itinuro sa kanila sa pamamagitan ng mga talinghaga (parables) tungkol sa kaharian ng Diyos. Ang talinghaga ay isang pagtutulad ng katangian ng isang espirituwal na katotohanan sa isang bagay o pangyayaring pamilyar sa mga tao.

Sabi niya, *"May isang magsasakang naghasik ng binhi. May mga binhing nahulog sa tabi ng daan. May mga binhi namang nahulog sa mabatong lugar, kung saan walang gaanong lupa. Mabilis na tumubo ang binhi dahil mababaw ang lupa. Ngunit natuyo rin ito nang masikatan ng araw, at dahil hindi malalim ang ugat, namatay ito. May mga binhi namang nahulog sa lupang may matitinik na damo. Lumago ang mga damo at natakpan ang mga tumubong binhi. Ang iba nama'y nahulog sa mabuting lupa, lumago at namunga. Ang iba'y napakarami ng bunga; ang iba'y marami-rami, at ang iba nama'y katamtaman lang. Kayong mga nakikinig, dapat ninyo itong pag-isipan."*

*"Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa kuwentong ito: May isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid. Pero kinagabihan, habang natutulog ang mga tao, dumating ang kanyang kaaway at naghasik ng masasamang damo. Nakita ito ng mga alipin n'yo kaya nagtaka sila at nagtanong, 'Gusto po ba ninyong bunutin namin ang masasamang damo?' Sumagot siya, 'Huwag, baka mabunot din ninyo pati ang trigo. Hayaan na lang muna ninyong lumago pareho hanggang sa anihan. Pagdating ng anihan, una kong ipapabunot ang masasamang damo para itapon at sunugin. Pagkatapos, ipapaani ko sa kanila ang trigo at ipaiimbak sa aking bodega.'"*

*"Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang bukid. Ito ang pinakamaliit sa lahat ng buto. Ngunit kapag tumubo at lumaki na, nagiging mas mataas ito kaysa sa ibang mga halamang gulay, na parang punongkahoy ang taas, at pinupugaran ng mga ibon ang mga sanga nito."*

*"Ang kaharian ng Diyos ay katulad din ng pampaalsang inihalo ng babae sa isang malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang buong masa ng harina."*

*“Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nang mahukay ito ng isang tao, itinago niya itong muli. At sa tuwa niya’y umuwi siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian, at binili niya ang bukid na iyon.”*

*“Ang kaharian ng Diyos ay katulad din ng isang negosyante na naghahanap ng magagandang perlas. Nang makatagpo siya ng isang mamahaling perlas, ipinagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang perlas na iyon.”*

Pagkatapos mangaral ni Jesus, tinanong siya ng mga tagasunod niya kung bakit siya gumagamit ng talinghaga. Sabi niya, *“Ipinagkaloob sa inyo ng Diyos na malaman n’yo ang mga lihim tungkol sa paghahari ng Diyos. Kung susundin n’yo ang aral na ito, bibigyan pa kayo ng higit na pang-unawa. Pero kung hindi, kahit ang kaunti n’yong nauunawaan ay kukunin pa sa inyo.”* Pagkatapos nito, ipinaliwanag niya sa kanyang mga tagasunod ang kahulugan ng ilan sa mga talinghagang ito.

Pagkatapos, umalis na siya at bumalik sa kanyang bayan sa Nazareth at nangaral sa kanilang bahay-sambahan. Nagtaka ang mga kababayan niya, *“Saan kaya niya nakuha ang karunungan niya at kapangyarihan niyang gumawa ng mga himala?”* Ayaw nilang manampalataya sa kanya. Kaya hindi na gumawa si Jesus ng maraming himala roon dahil sa kawalan nila ng pananampalataya sa kanya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang kahulugan ng unang talinghaga (tungkol sa magsasakang naghasik ng binhi)? Basahin ang **Mateo 13:18–23**. Ano ang kinalaman nito sa pagbabahagi natin ng salita ng Diyos sa ibang tao? Anu-ano ang matututunan natin dito?

2. Ano ang kahulugan ng ikalawang talinghaga (tungkol sa mabuting binhi at masamang damo)? Basahin ang **Mateo 13:36–43**. Ano ang kinalaman nito sa pagbabahagi natin ng salita ng Diyos sa ibang tao? Anu-ano ang matututunan natin dito?

3. Ano ang matututunan natin tungkol sa kaharian ng Diyos sa talinghaga tungkol sa buto ng mustasa at pampaalsa sa tinapay? Ano ang kinalaman nito sa pagbabahagi natin ng salita ng Diyos sa ibang tao?

4. Ano ang matututunan natin tungkol sa kaharian ng Diyos sa huling dalawang talinghaga dito (tungkol sa kayamanan sa lupa at mamahaling perlas)? Ano ang kinalaman nito sa pagbabahagi natin ng salita ng Diyos sa ibang tao?


5. Anu-ano ang natutunan natin sa kuwento ngayon tungkol sa kaharian ng Diyos? Ano ang naririnig n'yong sinasabi ng Diyos sa inyo na gawing pagbabago sa inyong buhay Cristiano—tulad ng panalangin, pagbibigay, atbp.?

6. Ano ang gantimpalang nakita n'yo na ibibigay ng Diyos sa sinumang hindi lamang makikinig kundi susunod sa mga salita ni Jesus? Ano naman ang resulta ng pakikinig at hindi pagsunod sa salita ni Jesus?

7. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin sa kuwentong ito sa pang-araw-araw na pagsunod natin kay Jesus bilang disciple? Sa pagtulong natin sa mga kasama natin sa church sa pagsunod kay Jesus (discipleship)? Sa misyon natin sa mundong ito (evangelism and missions)?

8. Kanino mo ibabahagi ang mensahe ng kaharian ng Diyos? Kailan mo ito gagawin? Ano ang aalalahanin mo sa napag-aralan natin ngayon para hindi ka magsawa at laging masabik na ibahagi ito sa iba?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Gumamit si Jesus ng mga talinghaga (parables) para ituro sa mga tao kung ano ang kaharian ng Diyos.
- ✓ Iba-iba ang tugon ng tao sa mensahe ng kaharian ng Diyos, depende sa kalagayan ng puso ng tao.
- ✓ May tiyak na paghatol na magaganap laban sa sinumang tinanggihan ang kaharian ng Diyos.

- ✓ Bagamat hindi pa lubos na nakikita ang kaharian ng Diyos sa panahon ngayon, may nakikita nang epekto ito sa buhay at sa paligid ng mga taong pinaghaharian ng Diyos, at malulubos ito sa pagbabalik ng Panginoong Jesus.
- ✓ Walang katumbas ang halaga ng kaharian ng Diyos.
- ✓ Ang mga katotohanan tungkol sa kaharian ng Diyos ay may epekto sa pang-araw-araw nating pamumuhay tulad ng pagbibigay, pananalangin, at pagbabalita sa iba tungkol sa mensaheng ito.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 13**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Mateo 13:44**, “Ang kaharian ng langit ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao ngunit agad itong tinabunan. Tuwang-tuwa siyang umalis at ibinenta ang lahat ng kanyang ari-arian upang bilhin ang bukid na iyon” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Jesus Declares the Kingdom of God” sa https://bit.ly/SOG40-kingdomparables.

# Chapter 78 – The Training of Jesus' Disciples

Story from **John 13–17**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Kahit na nakita na ng mga Judio ang maraming himala na ginawa ni Jesus—mga palatandaang nagpapatunay kung sino siya—ayaw pa rin nilang sumampalataya sa kanya. Ang mga pinunong Judio nga ay nagsabwatan na para makakuha ng pagkakataong ipapatay si Jesus. Merong ilan sa mga pinunong Judio ang naniwala kay Jesus pero inililihim nila ito dahil sa takot, at dahil mas gusto pa nilang parangalan sila ng tao kaysa ng Diyos.

Kaya nagsalita si Jesus nang malakas sa kanila, *"Ang sumasampalataya sa akin ay hindi na mananatili sa kadiliman. Naparito ako sa mundo hindi upang hatulan kayo kundi iligtas kayo. Pero hahatulan ang sinumang ayaw tumanggap sa akin at sa aking mga salita."*

Bago sumapit ang Pista ng Paglampas ng Anghel (Paskuwa o Passover), alam ni Jesus na dumating na ang panahon ng pag-alis niya sa mundong ito para bumalik sa Ama. Mahal na mahal niya ang mga tagasunod niya rito sa mundo, at ipinakita niya ang kanyang pagmamahal sa kanila hanggang sa katapusan.

Nang gabing iyon, naghapunan si Jesus kasama ang mga tagasunod niya. Habang naghahapunan, tumayo si Jesus, hinubad ang kanyang damit-pantaas at nagbigkis ng tuwalya sa baywang niya. Nagbuhos siya ng tubig sa isang planggana, at sinumulang hugasan ang paa ng mga tagasunod niya at pinunasan ng tuwalya pagkatapos. Paglapit niya kay Pedro, sinabi niya, *"Panginoon, huhugasan n'yo po ba ang paa ko? Hindi puwedeng kayo ang gumawa nito."*

Sagot ni Jesus, *"Hindi mo ito naiintindihan ngayon, pero maiintindihan mo din pagdating ng tamang panahon. Kung hindi kita huhugasan, wala kang kaugnayan sa akin."* Kaya pumayag din si Pedro.

Tapos sinabi ni Jesus, *"Malinis na nga kayo, pero hindi lahat."* Nasabi niya iyon dahil alam niya ang mga susunod na mangyayari. Sa mga oras na ito, inudyukan na ni Satanas si Judas para traydurin si Jesus.

Pagkatapos niyang hugasan ang mga paa nila, bumalik na siya sa hapag-kainan. Sabi niya sa kanila, *"Alam n'yo ba ang ibig sabihin ng ginawa ko? Hindi ba't ako ang Guro at Panginoon ninyo? Kung gayon, kung ano ang ginawa kong halimbawa sa inyo dapat n'yo ding tularan. Gawin din ninyo ito sa iba, dahil walang alipin ang higit pa sa kanyang panginoon.*

*Mapalad kayo kung ganito rin ang gagawin n'yo. Pero hindi lahat sa inyo ay ganito. Ang isa sa inyo ay magtatraydor sa akin."*

Nagtanungan sila kung sino iyon. Kaya inabot ni Jesus ang tinapay kay Judas, pero hindi nila naintindihan ang ibig niyang sabihin nang sabihan niya si Judas, *"Gawin mo na agad ang dapat mong gawin."* Nang sandaling iyon, pumasok na kay Judas si Satanas. Kaya pagkakain ni Judas ng tinapay, agad siyang umalis nang gabi ring iyon.

Pag-alis ni Judas, nagpatuloy si Jesus na kausapin ang kanyang mga tunay na tagasunod. Sinabihan niya silang manatili sa pag-ibig niya, magpatuloy na sumunod sa mga utos niya para maging sagana ang kanilang bunga. Na wag matatakot o panghihinaan ng loob kahit na ang buong mundo ay laban sa kanila. Na wag malungkot na si Jesus ay aalis na kundi patuloy na magtiwala sa kanya dahil darating ang Espiritung galing kay Jesus—na siyang magbibigay ng karunungan at lakas sa kanila.

Pagkatapos nito, nanalangin si Jesus sa Ama at ipinanalangin ang mga tagasunod niya at ang marami pang magiging mga tagasunod niya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, sinu-sino ang mga tunay na tagasunod ni Jesus? Sinu-sino naman ang hindi tunay? Anu-anong marka ng isang tagasunod ni Jesus ang mahalagang palatandaan para masabi kung sino ang tunay at sino ang hindi?

2. Bakit sa tingin mo sa huling mga araw ni Jesus bago siya patayin, inilaan na niya ang mga oras niya sa kanyang mga malalapit na mga tagasunod at hindi na sa maraming tao? Ano ang pinapakita nito sa gusto niyang mangyari? Anong aral ang matututunan natin dito sa paglalaan ng oras natin sa ibang mga tagasunod ni Jesus?

3. Paano piinakita ni Jesus ang pagmamahal niya sa kanila? Paano ito makakatulong sa atin na magpatuloy na sumunod kay Jesus? Paano naman natin ito dapat tularan sa

pagtulong natin sa ibang tagasunod ni Jesus na tumibay ang kanilang pananampalataya sa kanya?

4. Anong halimbawa ang iniwan niya sa kanila para tularan? Paano ito makakatulong sa atin na magpatuloy na sumunod kay Jesus? Paano naman natin ito dapat tularan sa pagtulong natin sa ibang tagasunod ni Jesus na tumibay ang kanilang pananampalataya sa kanya?

5. Paano niya sila tinuruan tungkol sa pagsunod sa kanyang mga salita? Paano ito makakatulong sa atin na magpatuloy na sumunod kay Jesus? Paano naman natin ito dapat tularan sa pagtulong natin sa ibang tagasunod ni Jesus na tumibay ang kanilang pananampalataya sa kanya?


6. Paano niya sila inihandang humarap sa mundo at sa mga pagsubok dito? Paano ito makakatulong sa atin na magpatuloy na sumunod kay Jesus? Paano naman natin ito dapat tularan sa pagtulong natin sa ibang tagasunod ni Jesus na tumibay ang kanilang pananampalataya sa kanya?

7. Paano niya sila inihandang magpatuloy na maging matatag hanggang wakas? Paano ito makakatulong sa atin na magpatuloy na sumunod kay Jesus? Paano naman natin ito dapat tularan sa pagtulong natin sa ibang tagasunod ni Jesus na tumibay ang kanilang pananampalataya sa kanya?

8. Anu-ano ang natutunan mo ngayon tungkol sa pagsasanay na ginawa ni Jesus para sa mga tagasunod niya? Anu-anong dapat nating tandaan bilang mga tagasunod niya at tagapagsanay ng iba pang tagasunod niya?

9. Anong “adjustments” ang gagawin mo ngayon bilang tagasunod ni Jesus at tagapagsanay ng iba pang tagasunod niya? May kakausapin ka ba tungkol dito at paglalaanan ng panahon para sanayin sa pagsunod kay Jesus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Kailangang sanaying sumunod kay Jesus ang sinumang nasa kaharian na ng Diyos.
- ✓ Hindi lahat ng nakikinig at naniniwala sa sinasabi ni Jesus ay mga tunay na tagasunod niya, kundi iyon lamang mga sumusunod sa mga utos niya at kinakikitaan ng bunga o pagbabago sa buhay.
- ✓ Kung sinanay ni Jesus ang mga tagasunod niya sa pamamagitan ng pagpapakita niya ng pagmamahal sa kanila hanggang katapusan, ganoon din ang dapat nating gawin sa mga sinasanay natin.
- ✓ Kung sinanay ni Jesus ang mga tagasunod niya sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng mabuting halimbawang dapat nilang tularan, ganoon din ang dapat nating gawin sa mga sinasanay natin.
- ✓ Kung sinanay ni Jesus ang mga tagasunod niya sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila kung paano sumunod, ganoon din ang dapat nating gawin sa mga sinasanay natin.
- ✓ Kung sinanay ni Jesus ang mga tagasunod niya sa pamamagitan ng paghahanda sa kanila sa pagharap sa mundo, ganoon din ang dapat nating gawin sa mga sinasanay natin.
- ✓ Kung sinanay ni Jesus ang mga tagasunod niya sa pamamagitan ng pananalangin sa kanila para magpatuloy sila hanggang wakas, ganoon din ang dapat nating gawin sa mga sinasanay natin.



## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- □ **Read.** Basahin ang **Juan 13–17**.
- □ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Juan 13:13–17**, “Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, sapagkat ako nga iyon. Dahil akong Panginoon at Guro ninyo ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din ninyong gawin ito sa isa’t isa. Binigyan ko kayo ng halimbawa upang inyong tularan. Pakatandaan ninyo, ang alipin ay hindi nakakahigit sa kanyang panginoon, ni ang sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya. Mapalad kayo kung nauunawaan ninyo ang mga bagay na ito at inyong gagawin” (MBB).
- □ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Jesus Trains His Disciples” sa https://bit.ly/SOG41-trainingdisciples.

# Chapter 79 – The Death of Jesus

Story from **Matthew 26–27; Mark 14–15; Luke 22–23; John 17–19**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pumunta si Jesus at ang mga tagasunod niya sa Jerusalem para sa Pista ng Paglampas ng Anghel (Passover). Kahit saan siya magpunta nahahabag siya sa mga tao at ibinibigay ang mga kailangan nila. Ang mga Pariseo at ilang mga pinunong Judio ay patindi nang patindi naman ang galit kay Jesus at sa mga sinasabi niya tungkol sa kanyang sarili.

Ipinagdiwang din ni Jesus at ng kanyang mga tagasunod ang Pista sa isang bahay. Habang nagkakainan sila, dumampot si Jesus ng tinapay, ipinagpasalamat sa Diyos, at pinagputul-putol. Ibinigay niya ito sa kanyang mga tagasunod at sinabi, *"Kunin n'yo 'to at kainin, ito ang aking katawan na ibinibigay para sa inyo."*

Pagkatapos, dinampot ni Jesus ang baso para sa inuming gawa sa katas ng ubas at ipinagpasalamat sa Diyos. Iniabot niya sa kanila ang basong ito at sinabi, *"Lahat kayo, inumin n'yo 'to. Ito ang aking dugo na ibinibigay para sa inyo – isang bagong tipan sa pagitan ng Diyos at kanyang binubuong pamilya. Ibinuhos ito para mapatawad ang kasalanan ng marami. Alalahanin n'yo ako habang patuloy kayong magkakasamang kumakain at umiinom nito."*

Sinabi sa kanila ni Jesus, *"Kapag nakita n'yo ang mangyayari ngayong gabi, iiwanan n'yo akong lahat. Bahagi ito ng plano ng Diyos na may magtatraydor sa akin at ako'y papatayin. Pero 'wag kayong matakot, muli akong mabubuhay mula sa mga patay!"* Alam niyang isa sa kanyang tagasunod na si Judas ang magtatraydor sa kanya, kasama ang mga sundalong Judio para arestuhin siya maya-maya lang kapag wala nang mga tao.

Pagkatapos maghapunan, nang dumilim na, pumunta si Jesus sa isang lugar para manalangin. Sa sobrang sakit at lungkot, nakiusap siya sa Diyos, *"Ama, kung meron lang ibang paraan pa maliban sa kamatayan ko, maaari po bang iyon na lang ang mangyari – pero gagawin ko anuman ang nais n'yong mangyari."*

Pagkatapos niyang manalangin, nakita niya si Judas na may kasamang isang grupo ng mga armadong sundalo. Binati niya si Jesus nang isang halik – isang senyales para ipakita sa mga sundalo kung sino ang aarestuhin nila. Nang inaresto na si Jesus, nagtakbuhan ang mga tagasunod niya at nagsitago.

Binugbog siya ng mga sundalo at dinala sa mga pinunong Judio para tanungin. Tanong nila, *"Ikaw ba ang Mesias, ang Anak ng Diyos?"* Sumagot si Jesus, *"Ako nga, at makikita mong katabi akong naghahari ng Diyos sa kanyang trono—at babalik dala ng mga ulap sa langit."*

Pagkasabi ni Jesus nito, galit na pinunit ng Punong Pari ang kanyang damit at sinabi, *"Sinumang inaangkin sa sarili niyang siya ay Diyos ay dapat patayin!"* Pagkatapos ay pinagsasampal nila si Jesus at pinagduduraan.

Dinala si Jesus kay Pilato, ang gobernador na Romano, dahil hindi puwedeng ipapatay ng mga Judio ang sinuman maliban na lang kung may opisyal na pahintulot. Hinimok ng mga pinunong Judio na pagkaisahan ng mga tao si Jesus at mapilitan si Pilato na ipapatay si Jesus. Sumigaw sila, *"IPAKO SIYA SA KRUS! IPAKO SIYA SA KRUS!"*

Natakot si Pilato na baka magkagulo, kaya ibinigay niya si Jesus sa mga sundalong Romano para ipako sa krus. Ang pagpako sa krus ang pinakamalupit at pinaka-nakakahiyang paraan ng kamatayan noon. Binugbog nila si Jesus at hinampas ng latigo hanggang magkasugat-sugat ang kanyang katawan. Pinatungan niya ang ulo niya ng koronang may matatalim na tinik at sinuutan ng balabal na parang sa hari. Pinagtawanan siya at sinabi, *"Tingnan n'yo, ang Hari ng mga Judio!"* Buong gabing binubugbog si Jesus ng mga sundalo at kinukutya.

Pagdating ng umaga, dinala nila si Jesus sa labas ng lungsod na tinatawag na Golgota ("lugar ng bungo"). Parang isang kriminal, ipinako nila si Jesus sa isang mabigat na krus na kahoy, na nasa pagitan ng dalawang magnanakaw. Habang nakabitin siya roon, sumigaw siya, *"Ama, nakikiusap po akong patawarin n'yo sila, hindi nila alam ang ginagawa nila."*

Pagdating ng tanghali, biglang nagdilim ang kalangitan—natakpan ang araw sa loob ng tatlong oras. Bigla na lang nahati sa gitna ang makapal na kurtinang nakasabit sa Templo! Sa oras na iyon sumigaw si Jesus, *"Ama! Ibinibigay ko sa iyo ang buhay ko…natapos ko na ang pinapagawa n'yo."*

Pagkatapos ay nilabas niya ang kanyang huling hininga at namatay.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…

1. Bakit pumunta si Jesus sa Jerusalem? Ano ang alam na natin sa pagdiriwang na ito?

2. Ano ang nakita n'yong koneksiyon sa pagkamatay ni Jesus ng naunang kuwento tungkol sa Pista ng Paglampas ng Anghel (Passover)?

3. Bakit sa tingin n'yo gustong ipapatay si Jesus ng mga pinunong Judio? Ano ang ipinapakita nito sa kundisyon ng puso ng tao?

4. Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niyang, "Kunin n'yo 'to at kainin, ito ang aking katawan na ibinibigay para sa inyo…inumin n'yo 'to. Ito ang aking dugo na ibinibigay para sa inyo – isang bagong tipan sa pagitan ng Diyos at kanyang binubuong pamilya?"

5. Ano ang Lumang Tipan ng Diyos sa Israel? Ano sa tingin n'yo itong Bagong Tipan na binabanggit ni Jesus? Tingnan ang **Jeremias 31:31–34**. Paano ito nagkaroon ng katuparan sa kamatayan ni Jesus sa krus?


6. Bakit sa tingin n'yo nahati ang kurtina sa loob ng Templo? Ano ang inihihiwalay ng tabing na ito? Ano ang kahalagahan ng pangyayaring ito? Basahin ang **Hebreo 10:19–22.**

7. Paano natupad kay Jesus ang mga hula ng mga propeta tungkol sa darating na Mesias?

8. Naalala n'yo kung ano ang sinabi ni Jesus habang nakabitin siya sa krus? "Ama, patawarin mo sila…" Paano nagawang patawarin ni Jesus ang mga taong pumapatay sa kanya?

9. Naniniwala ka bang kayang patawarin ng Diyos ang lahat ng nagawa mong kasalanan? Naniniwala ka bang pinatawad ka na ng Diyos?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang kamatayan ni Jesus ay pagtubos sa pamamagitan ng kapalit na buhay (substitutionary atonement)—si Jesus ang Tupa ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng mga tao sa mundo.
- ✓ Kay Jesus lang, dahil sa kanyang ginawa sa krus, matatagpuan ang kapatawaran ng kasalanan.
- ✓ Si Jesus ang Panginoon na may awtoridad sa pagpapatawad ng kasalanan at sa kamatayan.
- ✓ Si Jesus ang Panginoon na may awtoridad sa lahat ng bagay.
- ✓ Dapat sagutin ng bawat tao sa kanyang sarili, "Si Jesus ba ang Panginoon at Tagapagligtas ng buhay mo?"



## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **Lucas 22–23**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Juan 2:1–2**, “Mga anak, sinusulat ko sa inyo ang mga bagay na ito upang hindi kayo magkasala. Ngunit kung may magkasala man, may tagapamagitan tayo sa Ama—siya ay si Jesu-Cristo, ang Matuwid. [2]Siya ang ibinigay na handog para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan, at hindi lang ng mga kasalanan natin kundi pati na rin ng kasalanan ng buong mundo” (ASD).


☐ **Listen**. Pakinggan ang tatlong sermon tungkol sa kuwentong ito na bahagi ng sermon series sa Gospel of Luke:

- “Mockery, Denial and Betrayal” (Luke 22:47–65) — https://bit.ly/lukepart50
- “Guilty or Not Guilty?” (Luke 22:66–23:16) — https://bit.ly/lukepart51
- “Born to Die” (Luke 23:18–49) - https://bit.ly/lukepart52

# Chapter 80 – The Resurrection of Jesus

Story from **Matthew 28; Mark 15–16; Luke 23–24; John 19–20**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang ikatlo na ng hapon, matapos ang anim na oras ng pagkakapako ni Jesus sa krus, inilabas niya ang kanyang huling hininga at namatay.

Binali ng mga sundalo ang binti ng mga kriminal na nakapakong katabi ni Jesus para mamatay agad. Nang mapansin nilang patay na si Jesus, hindi na nila binali ang kanyang binti. Para makasiguro, sinaksak siya sa tagiliran ng espada ng isang sundalo—lumabas ang dugo at tubig sa kanyang katawan.

Biyernes nang hapon, ibinaba na ang katawan ni Jesus mula sa krus, binalutan ng tela, at inilibing sa libingan ng isang lalaking mayaman. Isang malaking bato ang itinakip nila sa bungad ng libingan at binantayan ng mga sundalong Romano para masigurong walang kukuha ng katawan niya.

Linggo ng umaga, bago pa sumikat ang araw, ilan sa mga babaeng tagasunod ni Jesus ang pumunta sa libingan para ihanda ang kanyang katawan sa paglilibing. Pagdating nila doon, nakita nilang naigulong na ang malaking bato at wala nang mga nagbabantay na sundalo!

Bigla na lang may dalawang anghel na nagpakita sa kanila. Sabi nila, *"Bakit kayo nagtataka? Hinahanap n'yo si Jesus, pero wala na siya rito, binuhay siya mula sa mga patay."*

Magkahalong pananabik at takot ang naramdaman nila kaya dali-dali nilang ibinalita ito sa ibang mga tagasunod ni Jesus. Ang ilan nga sa kanila ay bumalik sa libingan at nang sumilip sila…wala nga doon si Jesus!

Ito ang totoong nangyari, ilang ulit na nagpakita si Jesus sa kanyang mga tagasunod sa sumunod na 40 araw. Nahawakan nila si Jesus, nakitang kumain at gumawa ng mga himala. Ipinaalala sa kanila ni Jesus ang mga itinuro niya tungkol sa kaharian at ibinukas ang kanilang mga isip para maintindihan kung paanong ang buong Kuwento ay patungkol at patungo sa kanya. Higit sa 500 tao ang nakasaksi sa kanyang muling pagkabuhay.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit mahalagang isalaysay ang tungkol sa pagkamatay ni Jesus at paglilibing sa kanya? Ano ang kinalaman nito sa salaysay tungkol sa kanyang muling pagkabuhay?

2. Ano ang implikasyon kung hindi pala totoo na nabuhay na muli si Jesus? Tingnan ang **1 Corinto 15:14–19.**

3. Ano ang Mabuting Balita ayon kay Pablo? Tingnan ang **1 Corinto 15:3–5**.

4. Ano ang kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Jesus? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanya?

5. Ano ang dapat nating maging tugon sa muling pagkabuhay ni Jesus? Tingnan ang **Roma 10:9–10**.

6. Batay sa mga natutunan natin tungkol kay Jesus at sa mga itinuro niya, paano mapapalaya ang mga tao sa parusa ng kasalanan…malaya na sa kamatayan at pagkahiwalay sa Diyos?


7. Ang buong Story of God ay kuwento ng isang banal na Diyos na hinahabol ang mga makasalanan at mga nagrebelde sa kanya na nagnanais na ibalik sila sa isang malapit na relasyon sa kanya. Ito ba ang kuwento ng buhay mo? Kung hindi, ano? Ang kuwento ba ng buhay ay ikaw ang bida o ang Diyos?

8. Ano ang ibig sabihin para sa iyo na si Jesus ay Panginoon AT Tagapagligtas? Siya na ba ang Tagapagligtas at Panginoon ng buhay mo?

9. Ano ang kinalaman ng muling pagkabuhay ni Jesus sa buhay natin ngayon bilang mga tagasunod niya? Tingnan ang **Roma 6:8–11**.

10. Ano ang pag-asa na ibinigay sa atin ng muling pagkabuhay ni Jesus? Tingnan ang **1 Corinto 15:20–23**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Si Cristo ay tunay na namatay at tunay na muling nabuhay. Ito ay totoong nangyari sa kasaysayan. Ito ay mabuting balita na dapat paniwalaan ng isang tao para magkaroon ng kaligtasan.
- ✓ Sa muling pagkabuhay ni Jesus, ipinakita ng Diyos ang kanyang tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Tayo na mga nakay Cristo ay makapamumuhay na ngayon nang may bagong buhay at merong pag-asa na muling bubuhayin sa kanyang pagbabalik.



## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Lucas 24**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Corinto 15:3–5**, “Sapagkat ibinigay ko sa inyo bilang pinakamahalaga sa lahat ang tinanggap ko rin: na si Cristo’y namatay dahil sa ating mga kasalanan, tulad ng sinasabi sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, tulad din ng sinasabi sa Kasulatan; at siya’y nagpakita kay Pedro, at saka sa Labindalawa” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “From Death to Life” (Luke 23:50–24:12) sa https://bit.ly/lukepart53.

# Chapter 81 – The Ascension of Jesus

Story from **Matthew 28; Acts 1**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Ipinako si Jesus sa krus, namatay, inilibing, at muling nabuhay sa ikatlong araw. Lahat ng ito ay nangyari bilang katuparan ng mga ipinangako ng Diyos. Nang siya'y nabuhay na muli, mahigit isang buwan pa siyang nagpakita nang maraming beses sa 500 mga tagasunod niya. Mabilis na kumalat sa iba't ibang lugar ang balita tungkol sa kanyang muling pagkabuhay.

Isang araw, nakasamang kumain ni Jesus ang kanyang mga tagasunod. Sinabi niya, *"Nagbautismo si Juan sa tubig, ngunit makaraan ang ilang araw babautismuhan naman kayo sa Espiritu ng Diyos. Ito ang magbibigay sa inyo ng kapangyarihang mamuhay ayon sa kalooban ko at upang maibalita n'yo sa buong mundo ang tungkol sa akin."*

Iniutos ni Jesus sa kanyang mga tagasunod, *"Ibinigay na sa akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa. Kaya, puntahan n'yo ang lahat ng tao sa mundo at gawin n'yong tagasunod ko ang lahat ng mga bansa. Bautismuhan n'yo ang mga magiging tagasunod ko sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan n'yo silang sumunod sa lahat ng mga utos na ibinigay ko sa inyo, na mamuhay ayon sa paraang gusto ko. At makasisiguro kayo dito: palagi n'yo akong kasama, hanggang sa muli kong pagbabalik.*

Sinabi rin niya sa kanila, "*Ipapadala ko ang Espiritu at titira sa puso n'yo. Siya ang magbibigay sa inyo ng kapayapaan at ituturo sa inyo ang daan ng katotohanan."*

Habang nakatingin sila kay Jesus, umakyat na si Jesus pabalik sa langit, natabingan ng mga ulap, at di na nila nakita. Habang nakatingala pa sila, may nagpakitang dalawang anghel at sinabi sa kanila, *"Si Jesus ay muling babalik sa mundo kung paano n'yo rin siya nakitang umakyat sa langit."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, paano mapapatunayang ang muling pagkabuhay ni Jesus ay hindi isang kathang-isip lang o gawa-gawa lang ng tao kundi totoong nangyari?

2. Ano ang misyong iniwan niya sa mga tagasunod niya bago siya umakyat sa langit? Paano mo nakikitang ginagawa natin ito ngayon?


3. Ano ngayon ang ginagawa ni Jesus sa langit? Tingnan ang **Marcos 16:19; Roma 8:34; Hebreo 1:3**. Ano ang kinalaman nito sa misyong ibinigay niya?

4. Madali ba ang misyong ipinapagawa niya sa atin? Bakit hindi? Ano ang pangako niyang mapanghahawakan natin para magpatuloy tayong tapusin ang misyong ito?

5. Kailan matatapos ang misyong ito? Ano ang palatandaan sa muling pagbabalik ni Jesus na may kinalaman sa misyong ito? Tingnan ang **Mateo 24:14**. Paano ito nagbibigay ng lakas ng loob sa atin na magpatuloy sa misyon?

6. Habang hinihintay natin ang pagbabalik niya, ano ang dapat na pinagkakaabalahan nating lahat?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang Story of God ay Story of God the Father, God the Son, and God the Holy Spirit, at kung paano tayong magiging bahagi sa relasyong ‘yan na meron ang Ama, Anak, at Espiritu. Mas magiging malinaw ang karakter ng Banal na Espiritu at ang bahagi natin at ng church sa mga susunod pang kuwento.
- ✓ Ang pag-akyat ni Jesus sa langit ay nagpapatunay at nagpapakita na siyang nabuhay na muli ay naghahari ngayon sa kanyang trono sa langit sa buhay ng mga sumasampalataya sa kanya.
- ✓ Nangako siyang babalik para maging ganap ang paghahari niya sa buong mundo.
- ✓ Bago yun, dapat matapos ang Great Commission—making disciples of *all* nations.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Mateo 28** at **Gawa 1**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Mateo 28:18–20**, "Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa ay ibinigay na sa akin. Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuan silang sundin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo. At narito, ako'y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon" (Ang Biblia 2001).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "Jesus Sends His Spirit for His Church" sa https://bit.ly/SOG43-spiritchurch.

# Chapter 82 – The Coming of the Spirit

Story from **Acts 2**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos ng ilang linggo, may 120 tagasunod ni Jesus (kasama ang mga apostol) ang nagtipon sa Jerusalem. Habang sila'y nananalangin, bigla na lang may dumagundong, parang isang malakas na hangin at kulog, sa bahay na pinagtitipunan nila. Bawat isa sa kanila ay napuno ng Espiritu ng Diyos at nagsimulang magsalita sa mga wikang hindi naman nila nakasanayan! Lumabas sila sa kalye at nagsimulang ibalita ang lahat ng nakita nilang ginawa ni Jesus.

Narinig ang malakas na tunog na ito sa buong siyudad, at dumagsa ang maraming tao sa labas ng bahay para makita kung ano ang nangyayari. Sa mga panahong iyon, maraming Judio at mga taga-ibang bansa pa ang nasa Jerusalem para sa pista na tinatawag na Pentecostes.

Nang marinig ng mga tao na nagsasalita ang mga tagasunod ni Jesus, nagtaka sila, *"Paano nangyari 'to? Mga taga-Galilea sila, pero paanong nakapagsalita sila sa sarili nating wika?"*

Nagsalita si Pedro, isa sa mga tagasunod ni Jesus, at ipinaliwanag sa mga tao kung ano ang nangyayari, *"Katuparan ito ng sinabi ng Diyos sa mga propeta. Nasaksihan naming nabuhay si Jesus mula sa mga patay at siya ang tunay na Mesias!"* Pinaliwanag ngayon ni Pedro kung paanong tinupad ni Jesus ang lahat ng sinasabi ng mga propeta tungkol sa darating na Mesias.

Nabagabag ang mga tao sa narinig nila, kaya tinanong nila, *"Ano ang dapat naming gawin?"*

Sumagot si Pedro, *"Bawat isa sa inyo ay dapat tumalikod na sa inyong mga kasalanan, magpabautismo at magsimulang lumapit sa Diyos. Kay Jesus n'yo lang matatagpuan ang kapatawaran—siya ang panghuli at tanging sapat na handog para sa kasalanan ng lahat ng tao. Ito ang bagong tipan ng Diyos na inaalok hindi lamang sa mga Judio, kundi sa lahat ng gustong mapabilang sa pamilya ng Diyos."*

Nang araw ding iyon, 3,000 ang naniwala sa sinabi ni Pedro, nagsisi sila at nagtiwala kay Jesus. Tumalikod sila sa mga kasalanan nila para sumunod kay Jesus at mamuhay sa paraang gusto ng Diyos. Binautismuhan sila at naging kabilang sa pamilya ng Diyos. Binigyan

din sila ng kapangyarihang maipamuhay ang pangako ng Diyos na maging pagpapala sila sa lahat ng mga tao.

Inilaan ng mga tagasunod ni Jesus ang kanilang buhay para sa Diyos at sa isa't isa…kung may nangangailangan, tinutulungan…magkasamang nakikipag-usap sa Diyos, sama-samang nag-aaral kung paano mamuhay sa paraang gusto ng Diyos. Masayang-masaya nilang ginagawa ang mga ito, at hindi sila maramot sa isa't isa. Araw-araw magkakasama silang kumakain para bigyang karangalan at alalahanin ang buhay ni Jesus na ibinigay para sa kanila.

Nakita nilang gumawa ang Diyos ng mga kamangha-manghang bagay sa pamamagitan nila—mga himala at pagpapagaling sa maysakit—habang dinadagdagan ng Diyos ang bilang nila araw-araw.

Ito ang simula ng tinatawag ng Biblia na "iglesia" (church)—isang komunidad (o pamilya) na binubuo ng mga tao sa buong mundo, na dahil kay Jesus ay namumuhay nang masaya at sagana—isang buhay na malapit sa Diyos—buhay na noon pa'y binalak na ng Diyos para sa tao!

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, anong pangako ng Diyos ang tinupad niya sa pagdating ng Espiritu? Puwedeng basahin ang **Gawa 1:4–5**; **Juan 14:16–18**; at **Ezekiel 36:26–27**.

2. Anu-anong kuwento sa Lumang Tipan ang naaalala mo na nagpapakita ng pagnanais ng Diyos na manahang kasama ang tao tulad ng pagbaba ng Espiritu sa mga tagasunod ni Jesus?

3. Paano nagbigay ng kapangyarihan ang Espiritu sa mga tagasunod ni Jesus? Anu-ano ang nagawa nila o nangyaring pagbabago sa buhay nila na di mangyayari kung wala ang Espiritu?

4. Ano ang itinuturo nito sa atin sa kahalagahan ng Espiritu sa misyong ibinigay ni Jesus (**Mateo 28:18–20; Gawa 1:8**)?


5. Ano ang nais ng Diyos na gawin natin sa paghihintay ng kapangyarihang galing sa Espiritu? Ano ang ginagawa ng mga mananampalataya bago dumating ang Espiritu?

6. Ano ang pangako ni Jesus na puwede nating panghawakan ayon sa **Lucas 11:9–13**?

7. Ayon sa kuwentong ito, ano ang iglesia? Ano ang katangian nito? Ano ang misyon nito?

8. Kung ganito ang mga natutunan natin tungkol sa Espiritu at sa unang iglesia, anu-anong adjustments o pagbabago ang dapat nating gawin at gagawin nga natin kung tayo'y mga kabilang sa iglesia? Anu-ano ang dapat nating baguhin sa church natin? Paano natin ito sisimulang gawin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagbaba ng Espiritu ay katuparan ng pangako ng Diyos Ama sa Lumang Tipan at ng Panginoong Jesus sa kanyang mga tagasunod bago siya umakyat sa langit.
- ✓ Ang Espiritu ang kapangyarihan ng mga tagasunod ni Jesus para maisagawa ang misyong iniwan ni Jesus na gawing tagasunod niya ang lahat ng mga bansa.
- ✓ Ang iglesia ay ang pamilya ng Diyos, pamilya ng mga tagasunod ni Jesus na namumuhay ayon sa paggabay at kapangyarihan ng Espiritu.




## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Gawa 2**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Gawa 2:42**, “Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Jesus Sends His Spirit for His Church” sa https://bit.ly/SOG43-spiritchurch.

# Chapter 83 – Witnesses in Jerusalem

Story from **Acts 3–4**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Isang hapon, papunta sina Pedro at Juan sa templo. Sa labas nito ay may pulubing lumpo na namamalimos. Nang makita ng lalaking ito na tiningnan siya nina Pedro at Juan, akala niya ay bibigyan siya ng limos. Pero sabi ni Pedro, *"Wala akong pilak o ginto. Pero meron akong ibibigay sa iyo…sa pangalan ni Jesus, lumakad ka!"*

At hinawakan ni Pedro ang kamay niya at pinatayo. Pagkatapos sumama siya kina Pedro at Juan papasok sa templo na nagtatalun-talon habang naglalakad at nagpupuri sa Diyos. Lubos ang pagkamangha ng mga nakakakita sa nangyari.

Dinumog sila ng mga tao at sinabi ni Pedro, *"Mga kababayan kong mga Israelita, hindi kami ang maygawa nito kundi ang Diyos ng ating mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob. Ginawa niya ito upang parangalan ang kanyang lingkod na si Jesus na pinatay n'yo ngunit muling binuhay ng Diyos. Gumaling ang taong ito dahil sa pananampalataya kay Jesus."*

Pagkatapos noon, ikinuwento ni Pedro sa kanila kung paanong natupad ang mga plano ng Diyos noon pa sa pagdating ni Jesus.

Habang nagsasalita pa sina Pedro at Juan, nilapitan sila ng mga pari at mga opisyal at inaresto. Ikinulong sila hanggang sa kinaumagahan. Sa kabila nito, ang bilang ng mga lalaking sumampalataya ay 5,000.

Kinabukasan, humarap sila sa mga pinunong Judio at inimbestigahan. Nagpatotoo sila tungkol sa pagkabuhay ni Jesus at sa katotohanang walang ibang paraan para maligtas ang tao maliban sa pangalan ni Jesus. Nagtaka sila kung paanong nakapagsasalita sila nang ganoon, samantalang wala naman silang pinag-aralan. At dahil sa takot nila sa mga tao, pinakawalan na nila sina Pedro at Juan, ngunit mahigpit na pinagbawalang mangaral.

Bumalik sina Pedro at Juan sa mga kasamahan nila at ibinalita kung ano ang nangyari. Nang marinig nila iyon, nanalangin sila sa Diyos, *"Panginoon, alam n'yo pong ngayon ay pinagbabantaan na kami. Tulungan n'yo kami na inyong mga lingkod na maging matapang sa pangangaral ng inyong salita. Ipakita n'yo ang inyong kapangyarihan. Loobin n'yong sa pamamagitan ng pangalan ni Jesus ay mapagaling namin ang mga maysakit at makagawa kami ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay."*

Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang bahay na kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos.

Nagpatuloy ang pagkakaisa at pagtutulungan ng lahat ng mga mananampalataya. Kaya patuloy na kumalat ang salita ng Diyos. Marami pang mga taga-Jerusalem ang naging tagasunod ni Jesus, at marami ring mga pari ang sumampalataya sa kanya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ayon sa kuwentong ito at sa kuwento nitong nakaraang linggo, ano ang mas mainam na title ng aklat ng *Mga Gawa* o *Acts*: “Mga Gawa ng mga Apostol” o “Mga Gawa ng Banal na Espiritu”? Bakit?

2. Ano ang naging malaking pagbabago sa mga apostol (halimbawa, si Pedro) kung ikukumpara sa panahong kasama pa nila si Jesus? Ano kaya ang naging dahilan bakit nagkaroon ng ganitong pagbabago?

3. Sa kuwentong ito, paano nangibabaw ang gawa ng Banal na Espiritu? Paano mo siya mas nakilala sa pamamagitan nito?

4. Paano mo nakitang ginamit ng Espiritu ang mga sumusunod para kumalat ang Iglesia sa Jerusalem?

    a. Pangangaral ng mabuting balita na nakasentro kay Cristo?


    b. Katapangan sa gitna ng mga pag-uusig?

    c. Pagdepende sa Diyos sa panalangin?

    d. Ebidensiya ng kapangyarihan ng Espiritu (mga himala)?

    e. Pagbabago sa buhay at kabanalan ng mga mananampalataya?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang kuwentong nakapaloob sa aklat ng Mga Gawa ay kuwento unang-una ng mga gawa ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. At pangalawa, kung paano niyang ginamit ang Iglesia para matupad ang misyon niya para sa buong mundo.
- ✓ Para matupad ang misyong ito, ginagamit ng Banal na Espiritu ang mga sumusunod:
  - Pangangaral ng mabuting balitang nakasentro kay Cristo;
  - Katapangan ng mga mananampalataya sa gitna ng pag-uusig;
  - Pagtitiwala nila sa Diyos sa pananalangin;
  - Malinaw na ebidensiya ng pagkilos ng Espiritu sa pamamagitan ng mga himala; at
  - Pagbabago ng buhay ng mga mananampalataya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



☐ **Read.** Basahin ang **Gawa 3–4**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Gawa 4:12**, “Sa kanya (kay Jesus) lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan sa buong daigdig na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas” (MBB).


☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “The Spirit Sets the Church on Fire” sa https://bit.ly/SOG44-churchonfire.

# Chapter 84 – Witnesses in Judea and Samaria

Story from **Acts 7–8**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Bukod sa mga apostol, isa si Esteban sa pinagkalooban ng Diyos ng pambihirang kapangyarihan. Kaya maraming himala at kamangha-manghang bagay na ginawa niya ang nasaksihan ng mga tao. Pero ilan sa mga pinuno nila ang kumalaban sa kanya.

Nang humarap siya sa kanila, nakita nilang nagliwanag ang mukha niya na parang anghel. Ikinuwento niya sa kanila ang tungkol sa mga ginawa ng Diyos mula pa kay Abraham hanggang sa muling pagkabuhay ni Jesus. Sa dulo ng mensahe niya, sabi niya, *"Matitigas talaga ang mga ulo n'yo! Lagi n'yong kinakalaban ang Banal na Espiritu at hindi sumusunod sa kautusan."*

Dahil dito, galit na galit sila kay Esteban. Nagngangalit ang kanilang mga ngipin sa tindi ng galit. Kinaladkad nila si Esteban palabas ng lungsod at binato hanggang sa mamatay.

Mula noon, nagsimula na ang matinding pag-uusig sa mga mananampalataya sa Jerusalem. Kaya nagkahiwa-hiwalay ang grupo ng mga mananampalataya at kumalat sa buong lalawigan ng Judea at Samaria. Ang mga apostol lang ang naiwan sa Jerusalem. Si Saulo ang nanguna sa pag-uusig na ito at nagsumikap na wasakin ang iglesia. Ipinadakip niya ang mga mananampalataya - lalaki man o babae - at dinala sa bilangguan.

Sa kabila nito, ang mga nangalat sa iba't ibang lugar ay patuloy na nangaral ng Magandang Balita. Isa dito ay si Felipe. Pumunta siya sa isang lungsod sa Samaria at nangaral tungkol kay Cristo at gumawa ng mga himala. Nakinig silang mabuti sa kanya at dahil sa mga himalang ginawa niya, masayang-masaya sila. Marami sa kanila ang sumampalataya kay Cristo at nagpabautismo.

Nang marinig ng mga apostol sa Jerusalem ang nangyari, ipinadala nila sina Pedro at Juan. Pagdating nila doon, ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga mananampalataya, ipinanalangin at tinanggap nila ang Banal na Espiritu. Pagkatapos nito, bumalik na sila sa Jerusalem at patuloy na ipinangaral si Cristo sa mga madaanan nilang mga baryo sa Samaria.

Patuloy na kumalat ang salita ng Diyos at lalo pang dumami ang mga mananampalataya sa Judea at Samaria, habang namumuhay sila nang matiwasay at may takot sa Panginoon.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, paano nangibabaw ang gawa ng Banal na Espiritu? Paano mo siya mas nakilala sa pamamagitan nito?

2. Ano naman ang mga magagandang halimbawa na ipinakita dito ng mga tagasunod ni Cristo na dapat rin nating tularan?

3. Paano mo nakitang ginamit ng Espiritu ang mga sumusunod para kumalat ang Iglesia sa Judea at Samaria?

    a. Pangangaral ng mabuting balita na nakasentro kay Cristo?


    b. Katapangan sa gitna ng mga pag-uusig?

    c. Pagdepende sa Diyos sa panalangin?

    d. Ebidensiya ng kapangyarihan ng Espiritu (mga himala)?

    e. Pagbabago sa buhay at kabanalan ng mga mananampalataya?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Ang kuwentong nakapaloob sa aklat ng Mga Gawa ay kuwento unang-una ng mga gawa ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. At pangalawa, kung paano niyang ginamit ang Iglesia para matupad ang misyon niya para sa buong mundo.

✓ Para matupad ang misyong ito, ginagamit ng Banal na Espiritu ang mga sumusunod:

- Pangangaral ng mabuting balitang nakasentro kay Cristo;

- Katapangan ng mga mananampalataya sa gitna ng pag-uusig;
- Pagtitiwala nila sa Diyos sa pananalangin;
- Malinaw na ebidensiya ng pagkilos ng Espiritu sa pamamagitan ng mga himala; at
- Pagbabago ng buhay ng mga mananampalataya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Gawa 7–8**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Gawa 8:1**, “Nang araw na iyon, nagsimula ang matinding pag-uusig laban sa iglesya sa Jerusalem; at maliban sa mga apostol, ang lahat ng sumasampalataya ay nagkawatak-watak at napunta sa iba’t ibang lugar sa lupain ng Judea at Samaria” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “The Spirit Sets the Church on Fire” sa https://bit.ly/SOG44-churchonfire.

# Chapter 85 – Witnesses to the Ends of the Earth

Story from **Acts 9–14**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Naging matiwasay noon ang pamumuhay ng iglesia dahil ang pangunahing tagapag-usig nila na si Saulo ay naging isang tagasunod na rin ni Jesus. Paano nangyari yun?

Minsan papunta siya sa Damascus para hulihin ang mga mananampalataya doon pero nagpakita sa kanya ang Panginoon at tinawag siya upang maging mensahero ni Cristo sa mga Hentil o sa mga di-Judio. Simula noon, matapang niyang ipinangaral si Cristo, kahit ang ilang mga kapatid ay nagtataka at nagdududa sa nangyari sa kanya.

Sa panahong ito, halos puro Judio pa lamang ang nakakarinig tungkol kay Cristo. Maging ang mga apostol ay hindi pa lubos na nauunawaan ang plano ng Diyos tungkol sa mga Hentil.

Isang tanghali, habang nananalangin si Pedro, nagpakita ang Diyos ng pangitain sa kanya. May isang kumot na bumaba mula sa langit at may lamang mga pagkaing itinuturing na marumi ng mga Judio. Sinabi ng Diyos, *"Huwag mong ituring na marumi ang nilinis na ng Diyos."* Paulit-ulit itong ipinakita ng Diyos kay Pedro. At di lumaon napagtanto niya na ang tinutukoy ng Diyos dito ay ang pangangaral ng salita ng Diyos maging sa mga di-Judio.

Bilang pagsunod sa Diyos, ipinangaral ni Pedro ang tungkol kay Cristo sa isang Hentil na si Cornelio kasama ang kanyang buong sambahayan. Nanampalataya sila kay Cristo at napuspos din sila ng Espiritu.

Nang mabalitaan ito ng mga kapatid sa Judea, nagalit sila kay Pedro at sinabi, *"Bakit ka nakituloy sa bahay ng mga di-Judio?"*

Kaya ipinaliwanag ni Pedro ang nangyari, *"Ang nangyari sa kanila ay nagpapatunay na ibinigay din ng Diyos sa mga Hentil ang ibinigay niya sa ating mga Judio. At kung ganoon ang gusto ng Diyos, sino ba ako para hadlangan siya?"*

Nang marinig nila ang sinabi ni Pedro, natuwa sila at nagpuri sila sa Diyos.

Samantala, sa iglesia sa Antioch, habang sila ay sumasamba sa Diyos at nag-aayuno, nagsalita ang Espiritu, *"Ibukod ninyo para sa akin sina Saulo at Bernabe para sa misyong*

*ipapagawa ko sa kanila."* Pagkatapos nilang manalangin, pinatungan nila ng kamay ang dalawa at pinalakad na.

Mula sa Antioch ay naglakbay sila patungong Seleucia, hanggang makarating sila sa isla ng Cyprus. Una nilang pinuntahan ang mga bahay-sambahan ng mga Judio doon at ipinangaral si Cristo. Pagkatapos ay nagpunta naman sila sa Antioch na sakop ng Pisidia.

Noong una, naging maganda ang pagtanggap sa kanila ng mga kapwa nila Judio na naroon. Pero nang mga sumunod na linggo, nainggit sa kanila ang mga pinunong Judio, nagsabwatan sila at sinalungat si Pablo (si Saulo). Sumagot si Pablo, *"Dahil tinanggihan n'yo ang mensaheng ito, hindi kayo karapat-dapat sa buhay na walang haggan. Simula ngayon, sa mga Hentil na kami mangangaral ng Magandang Balita."*

Nang marinig iyon ng mga di-Judio, natuwa sila at sinabi, *"Kahanga-hanga ang salita ng Panginoon."* At ang lahat ng itinalaga para sa buhay na walang hanggan ay naging mananampalataya. Kaya kumalat ang salita ng Panginoon sa lugar na iyon.

Patuloy silang inusig sa lugar na iyon at pinalayas sila. Kaya nagpunta sila Iconium, sa Lystra at sa Derbe. Patuloy nilang ipinangaral si Cristo sa lugar na iyon at patuloy din na gumawa ang Diyos ng mga himala sa pamamagitan nila.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, paano nangibabaw ang gawa ng Banal na Espiritu? Paano mo siya mas nakilala sa pamamagitan nito?

2. Ano naman ang mga magagandang halimbawa na ipinakita dito ng mga tagasunod ni Cristo at ng unang mga iglesia na dapat rin nating tularan?

3. Paano mo nakitang ginamit ng Espiritu ang mga sumusunod para kumalat ang Iglesia sa iba't ibang dako?

    a. Pangangaral ng mabuting balita na nakasentro kay Cristo?


b. Katapangan sa gitna ng mga pag-uusig?

c. Pagdepende sa Diyos sa panalangin?

d. Ebidensiya ng kapangyarihan ng Espiritu (mga himala)?

e. Pagbabago sa buhay at kabanalan ng mga mananampalataya?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang kuwentong nakapaloob sa aklat ng Mga Gawa ay kuwento unang-una ng mga gawa ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. At pangalawa, kung paano niyang ginamit ang Iglesia para matupad ang misyon niya para sa buong mundo.
- ✓ Para matupad ang misyong ito, ginagamit ng Banal na Espiritu ang mga sumusunod:
  - Pangangaral ng mabuting balitang nakasentro kay Cristo;
  - Katapangan ng mga mananampalataya sa gitna ng pag-uusig;
  - Pagtitiwala nila sa Diyos sa pananalangin;
  - Malinaw na ebidensiya ng pagkilos ng Espiritu sa pamamagitan ng mga himala; at
  - Pagbabago ng buhay ng mga mananampalataya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Gawa 9–10, 13**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Gawa 26:16–18**, "…Nagpakita ako sa iyo dahil pinili kita na maging lingkod ko…Ipapadala kita sa kanila para imulat ang kanilang mata at dalhin sila mula sa kadiliman papunta sa liwanag, at mula sa kapangyarihan ni Satanas papunta sa Diyos. At sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa akin, patatawarin sila sa kanilang mga kasalanan, at mapapabilang na sila sa mga taong itinuring ng Diyos na sa kanya" (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "The Spirit Sets the Church on Fire" sa https://bit.ly/SOG44-churchonfire.

# Chapter 86 – The Spirit Dwells Inside Us

Story from **1 Corinthians 6:9–20**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Ang mga Kristiyanong taga-Corinto ay galing sa kultura ng mga sumasamba sa mga Diyos-Diyosan at kalakip nito ang mga sekswal na imoralidad. Pero dahil sa pangangaral ng salita ng Diyos, naitayo ni Pablo ang iglesia dito at nahango ang mga tao doon sa kanilang kasalanan. Pero nang sa pagmimisyon ni Pablo ay nakarating na siya sa Ephesus, may nakarating sa kanya na balita na ang iglesia dito sa Corinto ay bumabalik sa dati nilang pamumuhay. Kaya isinulat ni Pablo ang 1 Corinto para ipaalala sa kanila ang mga dapat nilang alalahanin. Kasama rito ang mga dapat nilang tandaan tungkol sa pakikipaglaban sa kasalanan. Heto ang ilan sa isinulat niya (galing sa 1 Corinto 6:9–20):

*Hindi n'yo ba alam na hindi magmamana ng kaharian ng Diyos ang masasama? Huwag kayong palilinlang! Sapagkat kailanma'y hindi magmamana ng kaharian ng Diyos ang mga imoral, sumasamba sa Diyos-Diyosan, nangangalunya, nakikipagrelasyon sa kapwa lalaki o babae, magnanakaw, sakim, lasenggo, mapanlait, at mandarambong. 11 At ganyan nga ang ilan sa inyo noon. Ngunit nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan at ibinukod na kayo ng Diyos para maging kanya; itinuring na kayong matuwid dahil sa Panginoong Jesu-Cristo at sa Espiritu ng ating Diyos.*

*12 Maaaring may magsabi sa inyo ng ganito, "Pwede kong gawin ang kahit ano." Totoo iyan, ngunit hindi lahat ng bagay ay nakakabuti sa inyo. Kaya kahit pwede kong gawin ang kahit ano, hindi naman ako paaalipin dito. 13 Maaari rin namang sabihin ng iba, "Ang pagkain ay ginawa para sa tiyan at ang tiyan ay para sa pagkain." Totoo iyan, ngunit darating ang araw na pareho itong sisirain ng Diyos. Ang katawan ay hindi para sa sekswal na imoralidad kundi para sa paglilingkod sa Diyos; at ang Diyos ang nag-iingat nito. 14 Ang katawan nati'y muling bubuhayin ng Diyos sa huling araw, tulad ng ginawa niya sa ating Panginoon.*

*15 Hindi ba't tayong mga mananampalataya ay bahagi ng katawan ni Cristo? Iyan ang dahilan kung bakit hindi talaga natin maaaring gamitin ang ating katawan, na bahagi ng katawan ni Cristo, sa pakikipagtalik sa babaeng bayaran. 16 Hindi ba't ang nakikipagtalik sa ganoong babae ay nagiging kaisang-katawan niya? Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, "Silang dalawa'y magiging isa." 17 At kung nakikipag-isa tayo sa Panginoong Jesu-Cristo kaisa niya tayo sa espiritu.*

*18 Kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. Ang ibang kasalanang ginagawa ng tao ay walang kinalaman sa kanyang katawan, ngunit ang gumagawa ng sekswal na imoralidad ay nagkakasala sa sarili niyang katawan. 19 Hindi ba't ang katawan ninyo ay templo ng Banal na Espiritung nasa inyo at tinanggap ninyo mula sa Diyos? Kung ganoon, ang katawan ninyo'y hindi sa inyo kundi sa Diyos, 20 dahil tinubos kayo ng Diyos sa napakalaking halaga. Kaya gamitin ninyo ang inyong katawan sa paraang ikapupuri ng Diyos.*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa panahon natin ngayon, anu-ano ang karaniwang pananaw tungkol sa kasalanan na hindi naaayon sa Bibliya?

2. Anu-anong kasalanan ang nagiging karaniwan sa iglesia sa Corinto? Paanong ang mga Kristiyano ngayon ay nakakagawa pa rin ng kaparehong kasalanan ng mga tao sa mundong ito?

3. Tingnan ang bungad ng argumento ni Pablo sa **1 Corinto 6:9, 15, 16, 19** ("Hindi n'yo ba alam…Hindi ba't…Hindi ba't…Hindi ba't…")? Ano ang ginagawa dito ni Pablo na mahalaga nating tandaan sa paglaban sa kasalanan?

4. Basahin ang **vv. 9–11**. Ano ang ipinapaalala sa kanila ni Pablo dito tungkol sa dati nilang kalagayan at sa ginawa na ng Diyos para sa kanila? Anong istratehiya sa paglaban sa kasalanan ang matututunan natin dito?

5. Basahin ang **vv. 12–14**. Ano ang ipinapaalala sa kanila ni Pablo dito tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap? Anong istratehiya sa paglaban sa kasalanan ang matututunan natin dito?


6. Basahin ang **vv. 15–20**. Ano ang ipinapaalala sa kanila ni Pablo dito tungkol sa kalalagayan natin ngayon at sa mabuting ginagawa ng Diyos sa atin ngayon? Anong istratehiya sa paglaban sa kasalanan ang matututunan natin dito?

7. Anu-ano ang matututunan natin sa kuwentong ito tungkol sa Banal na Espiritu at sa relasyon natin sa kanya? Bakit ito mahalaga sa paglaban natin sa kasalanan?

8. Anu-ano naman ang matututunan natin sa kuwentong ito tungkol sa iglesia o church at sa kaugnayan natin dito? Bakit ito mahalaga sa paglaban sa kasalanan?

9. Sa pag-aaral ngayon, paano ito nakatulong para baguhin ang pananaw mo sa kasalanan, paglaban sa kasalanan, at kung paano tayo makakapamuhay nang may kabanalan?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Meron pang natitirang kasalanan sa ating mga Kristiyano at araw-araw tayong makikipaglaban diyan.
- ✓ Lalabanan natin ang kasalanang natitira sa atin sa pamamagitan ng pag-alala sa nangyari nang gawa ng Diyos, hindi ng mga ginawa natin.
- ✓ Lalabanan natin ang kasalanang natitira sa atin sa pamamagitan ng pag-alala sa ipinangakong gagawin ng Diyos, hindi sa gusto nating mangyari.
- ✓ Lalabanan natin ang kasalanang natitira sa atin sa pamamagitan ng pag-alala sa magandang ginagawa ngayon ng Diyos, hindi sa masasamang gawa natin ngayon.
- ✓ Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa bawat isang Kristiyano. Kaya dapat nating layuan ang anumang kasalanan, at magagawa natin 'yan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?


3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Corinto 5–6**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Corinto 6:19–20**, “Hindi ba’t ang katawan ninyo ay templo ng Banal na Espiritung nasa inyo at tinanggap ninyo mula sa Diyos? Kung ganoon, ang katawan ninyo’y hindi sa inyo kundi sa Diyos, [20]dahil tinubos kayo ng Diyos sa napakalaking halaga. Kaya gamitin ninyo ang inyong katawan sa paraang ikapupuri ng Diyos” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “The Spirit Dwells Within Every Christian” sa https://bit.ly/SOG45-indwellingspirit.

# Chapter 87 – The Spirit Helps Us Kill Our Sins
**Romans 8:1–17**

## Panimula sa Pag-aaral





Nandito tayo sa point ng Story of God na nakita nating bahagi na tayo ng Church o ang pamilya ng mga tagasunod ni Jesus. Nangyari ito dahil namatay si Jesus sa krus, inilibing, nabuhay na muli, umakyat sa langit, bumaba ang Espiritu, at tayo na mga tumatalikod na sa sarili nating makasalanan at nagtitiwala sa kanya ay kabilang na sa Iglesia. Naghihintay tayo ng kanyang muling pagbabalik para malubos ang kaligtasan natin at maibalik ang magandang intensiyon ng Diyos para sa tao at relasyon natin sa kanya mula pa sa kanyang paglikha na nasira dahil sa pagrerebelde natin sa kanya. Pero kahit na Cristiano na tayo, nakikipaglaban pa rin tayo sa kasalanan. Sa nakaraang pag-aaral ay nakita natin na nilalabanan natin ang kasalanan sa pamamagitan ng Story of God—ang nakaraan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap. Nakita rin natin ang role ng Holy Spirit na siyang nananahan na sa atin—the Spirit dwells within every Christian.

At ngayon naman, titingnan natin ang isa sa mga isinulat ni Pablo sa mga Cristiano sa Roma habang siya ay nasa Corinth sa kanyang ikatlong missionary journey. [Basahin ang **Roma 8:1–17**.]

Pagtutuunan nating pag-aralan ang isang verse, **"For if you live according to the flesh you will die, but if by the Spirit you put to death the deeds of the body, you will live" (Romans 8:13 ESV); "Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa katawang makalaman, ngunit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Espiritu ang mga gawa ng katawang makalaman, mabubuhay kayo"** (MBB). Pag-uusapan natin kung ano ang motivation natin sa pagpatay sa natitira pang kasalanan sa atin: Bakit ko gagawin iyon? Titingnan din natin ang power na kailangan natin para tuluyang mapatay ang kasalanan: Paano gagawin?

## Pag-usapan natin . . .



1. Ano ang ibig sabihin ng "put to death" o pagpatay sa kasalanan?

2. Nagsimula ang **verse 13** sa salitang "sapagkat" na nagkokonekta nito sa naunang sinabi ni Pablo lalo na sa **verse 12**. Ayon sa verse na yun, ano ang kailangan nating alalahanin na kalagayan natin dati (tulad ng mensahe ng **1:18–3:20**), kalagayan natin

ngayon (3:21–4:25), at ang buhay na dapat nating ipamuhay ngayon (chapters 5–8)? Paanong ang ginawa ni Cristo sa krus ang strongest motivation na kailangan natin? Pwede ring basahin ang **8:1–4**.

3. Sa relasyon kay Cristo, ano na ang bago nating identity bilang mga Kristiyano? Tingnan ang **8:1, 2, 10**. Kung relasyon naman sa Espiritu Santo? Tingnan ang **8:9, 11**. Kung relasyon naman sa Diyos Ama? Tingnan ang **8:14–17**. Paanong ang bagong identity na meron tayo sa relasyon sa Diyos ay makakatulong sa atin sa paglaban sa kasalanan?

4. Sa **verse 13**, sinabi ni Pablo na "mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa katawang makalaman." Ang tinutukoy niya rito ay ang kasalanang ginagawa natin. Ano ang babala dito tungkol sa kapahamakang dulot ng pagpapatuloy sa kasalanan? Paanong ang ganitong babala ay makakatulong sa atin sa paglaban sa kasalanan?


5. Sino ang merong responsibilidad na pumatay sa natitirang kasalanan sa buhay mo? Ang ibang tao ba o ikaw? Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa pagiging intensyonal natin sa pagpatay sa sarili nating kasalanan?

6. Tuwing kelan ang laban natin sa kasalanan? Seasonal ba ito o araw-araw? Ano ang implikasyon nito sa pagiging vigilant o mapagbantay natin sa laban sa kasalanan?

7. Kaya ba natin sa sarili lang natin ang labang ito? Paano nito ipinapakita ang kahalagahan ng church bilang isang community na tumutulong sa atin sa laban sa kasalanan. Magbigay ng mga halimbawa.

8. Ayon sa talatang ito, sino ang pinakakailangan natin sa para mapatay natin ang mga natitirang kasalanan sa atin? Anong klaseng tulong at kapangyarihan ang matatanggap natin mula sa kanya? Ano ang implikasyon nito sa prayer life natin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Meron pang natitirang kasalanan sa ating mga Kristiyano at araw-araw tayong makikipaglaban diyan.
- ✓ Sa pakikipaglaban sa kasalanan, mahalagang alalahanin natin palagi at paniwalaang mabuti ang natapos nang ginawa ni Cristo para sa atin, at ang bagong identity na meron tayo bilang mga anak ng Diyos, nakipag-isa kay Cristo, at pinananahanan ng Espiritu Santo.
- ✓ Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa bawat isang Kristiyano. Kaya dapat nating patayin ang natitira pang kasalanan sa puso natin, at magagawa natin 'yan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.




## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Roma 8**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Roma 8:1, 13**, "Kaya nga, wala nang kahatulang parusa sa mga taong nakipag-isa na kay Cristo Jesus…Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa katawang makalaman, ngunit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Espiritu ang mga gawa ng katawang makalaman, mabubuhay kayo" (MBB).

  **Listen**. Pakinggan ang sermon na "The Spirit Helps Us Kill Remaining Sins" sa https://bit.ly/SOG46-killingsin.

# Chapter 88 – The Spirit Takes Control of Our Lives

**Ephesians 5:18–21**

## Panimula sa Pag-aaral





Ito ang maoobserbahan nating problema—gusto natin ng marami at dagdag na mga materyal na bagay, mga bagay na magbibigay kasiyahan sa atin o comfort, mga bagay na makakapagpagaan ng mga kabigatang dinaranas natin. Ang problema, hinahanap natin na mapunan ang mga kulang sa buhay natin sa mga bagay dito sa mundo.

Ganoon din ang problemang hinaharap ng mga Kristiyano sa Efeso. Kahit 2,000 taon na ang nakakaraan, di naman masyadong nagbabago ang problema ng tao—naging mas high-tech lang tayo ngayon, pero same basic problem. Kaya kahit nakakulong si Pablo dahil sa kanyang katapatan sa pagsunod sa Diyos na ipangaral ang gospel, sumulat siya sa iglesia sa Efeso para ipaalala sa kanila kung paano mamuhay bilang mga tagasunod ni Jesus sa mundong ang takbo ay palayo sa kalooban ng Diyos. Pagkatapos niyang maglaan ng tatlong chapters sa pagpapaalala sa kanila ng kanilang bagong posisyon kay Cristo (Efeso 1), ng laki ng biyaya ng Diyos sa kanila (Efeso 2) at ng plano ng Diyos para mundo (Efeso 3), sa chapters 4–6 ay nagbigay siya ng mga tagubilin sa kanila bilang tugon sa mga katotohanang ito. Doctrinal foundation sa chapters 1–3; life application sa chapters 4–6. Ganito naman ang pattern ng iba rin niyang mga sulat.

Ngayon, mag-focus tayo sa **Efeso 5:18–21: "Huwag kayong maglalasing dahil nakakasira ito ng maayos na pamumuhay. Sa halip, hayaan ninyong mapuspos kayo ng Banal na Espiritu. 19 Sa pagtitipon n'yo, umawit kayo ng mga salmo, himno, at ng iba pang mga awiting espiritwal. Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon. 20 Lagi kayong magpasalamat sa Diyos Ama sa lahat ng bagay bilang mananampalataya ng ating Panginoong Jesu-Cristo. 21 Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo" (ASD).**

## Pag-usapan natin . . .



1. **Verse 18, "Huwag kayong maglalasing…"** Bakit ito ipinagbabawal? Para sa mga hindi naman naglalasing, anu-anong kasalanan ang may pagkakatulad dito na dapat din nating iwasan?

2. **Verse 18, "…Sa halip, hayaan ninyong mapuspos kayo ng Banal na Espiritu."** Ano ang ibig sabihin ng pagiging puspos ng Espiritu o Spirit-filled?

    a. Ang pagiging puspos ng Espiritu ay optional ba sa isang Kristiyano o kinakailangan? Patunayan ang sagot.

    b. Ang pagiging puspos ng Espiritu ay dapat bang paminsan-minsan lang o nagpapatuloy? Patunayan ang sagot.

    c. Ang pagiging puspos ng Espiritu ay para lang ba sa iilang espesyal na mga Kristiyano o para sa lahat? Patunayan ang sagot.

    d. Ang pagiging puspos ng Espiritu ay maituturing bang gawa ng tao o gawa ng Diyos o pareho? Patunayan ang sagot.

3. Tingnan ang **Galacia 5:17, 18, 22–23, 25**. Anu-ano ang sinabi rito ni Pablo na makakatulong sa atin para mas maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng pagiging puspos ng Espiritu?

4. Sa **Efeso 5:19–21** ay nagbigay si Pablo ng apat na resulta o ebidensya ng pagiging puspos ng Espiritu:

    a. **"Sa pagtitipon n'yo, umawit kayo ng mga salmo, himno, at ng iba pang mga awiting espiritwal…" (v. 19).** Ano ang ibig sabihin nito? Paano ito masasabing resulta ng pagiging puspos ng Espiritu?

    b. **"…Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon" (v. 19).** Ano ang ibig sabihin nito? Paano ito masasabing resulta ng pagiging puspos ng Espiritu?

    c. **"Lagi kayong magpasalamat sa Diyos Ama sa lahat ng bagay bilang mananampalataya ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (v. 20).** Ano ang ibig sabihin nito? Paano ito masasabing resulta ng pagiging puspos ng Espiritu?


d. **“Magpasakop kayo sa isa’t isa bilang paggalang kay Cristo” (v. 21).** Ano ang ibig sabihin nito? Paano ito masasabing resulta ng pagiging puspos ng Espiritu?

e. Ano ang kahalagahan ng **“bilang paggalang kay Cristo”** sa pagpapasakop sa isa’t isa? Sa pagpapasakop ng babae sa asawang lalaki (5:22–33)? Sa pagpapasakop ng anak sa magulang (6:1–4)? Sa pagpapasakop ng alipin sa kanyang amo (6:5–9)?

5. Basahin ang **Colosas 3:16**, na kahawig sa talatang pinag-aaralan natin sa Efeso 5:18–19. Ano ang ipinapakita nitong kaugnayan ng pagiging puspos ng Espiritu sa salita ni Cristo? Ano ang implikasyon nito sa pagbabasa natin ng Bibliya at sa pananalangin?

6. Basahin ang **Gawa 6:5** at **Gawa 11:24**. Ano ang ipinapakita nitong kaugnayan ng pagiging puspos ng Espiritu sa pananampalataya? Ano ang implikasyon nito sa pusong dapat na meron tayo sa pagtanggap sa salita ng Diyos?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagiging Spirit-filled ay kinakailangan at hindi optional; nagpapatuloy dapat at hindi lang paminsan-minsan; para sa lahat ng Kristiyano at hindi lang sa iilan; at gawa ng Diyos sa atin habang hinahayaan nating ang Diyos na kumilos sa buhay natin.
- ✓ Ito ang ibig sabihin ng pagiging Spirit-filled: hinahayaan natin ang Espiritu na siyang magkaroon ng total control sa buhay natin. Siya ang nasusunod, siya ang gumagabay, siya ang nangunguna.
- ✓ Ang bunga o resulta nito ay isang pusong sumasamba sa Panginoon, masayang nagtuturo ng salita ng Diyos sa iba, nagpapasalamat sa Diyos, at mapagpakumbabang nagpapasakop sa awtoridad na itinalaga ng Diyos sa buhay natin.
- ✓ Napupuspos tayo ng Espiritu habang pinupuno natin ng salita ng Diyos ang isip natin at buong puso nating pinagtitiwalaan at tinatanggap ang kanyang mga salita.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **Galacia 5:16–26**.


☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Galacia 5:22–23**, “Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili” (MBB).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “The Spirit Takes Control of Our Lives” sa https://bit.ly/SOG47-spiritfilled.

# Chapter 89 – The Spirit Helps Us in Our Sufferings

**1 Peter 4:12–19**

## Panimula sa Pag-aaral





Lahat tayo ay may iba't ibang sufferings na dinaranas sa buhay. Kahit Kristiyano na tayo. Ang sufferings ay bahagi ng Story of God. Ang tanong sa atin ngayon, paano nais ng Diyos tayong tumugon sa mga nangyayaring (o mangyayari) sufferings sa buhay natin? At ito ang isa sa pangunahing tanong na gustong sagutin ni Pedro sa mga Cristianong nakakalat sa iba't ibang bansa na dumaranas ng iba't ibang klaseng paghihirap.

Particularly sa text natin ngayon sa **1 Peter 4:12–19**. Bago natin tingnan kung ano ang sagot ni Pedro sa tanong na iyon na siya ring nais ng Diyos na tugon natin sa paghihirap sa buhay, dapat muna nating tingnan ang iba't ibang klase ng paghihirap. *May mga paghihirap na dulot ng sarili nating kasalanan.* Hindi ito ang nais sagutin ni Pedro sa sulat na ito. Dahil sabi niya sa **verse 15, "Huwag nawang mangyaring magdusa ang sinuman sa inyo dahil siya'y mamamatay-tao, magnanakaw, salarin o pakialamero" (MBB).**

Ang sufferings na pag-uusapan natin ay may kaugnayan sa *paghihirap na dulot ng pagsunod sa kalooban ng Diyos*. Ito yung binabanggit ni Pedro sa verse 16 na pagdurusa dahil Cristiano tayo, dahil dala natin ang pangalan ni Cristo. Ito ang naranasan ni apostol Pablo. Naranasan din ni apostol Pedro. Pag-uusapan din natin ang *mga sufferings na walang kinalaman sa pagsunod o pagsuway natin sa Diyos*. Ito yung binabanggit ni Pedro na mga "pagsubok" sa verse 12. Na mga bagay na nangyari sa atin o ginawa ng ibang tao sa atin na hinayaan ng Diyos na mangyari kahit hindi maganda. Hindi naman dahil may nagawa tayong kasalanan o mabuti. Kundi dahil niloob ng Diyos. Tulad ng nangyari kay Job.

Kung mangyari sa atin ang mga bagay na ito, may response tayo. Ang tanong sa atin ay tama ba ang response natin? O baka hindi tama? So ang prayer natin ngayon ay maihanda tayong lahat ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang salita kung paano mag-respond sa sufferings natin ngayon o sa mga parating pa lang.

## Pag-usapan natin . . .



1. Basahin ang **1 Pedro 4:12**. Ayon dito, ano raw ang hindi tamang response sa sufferings? Bakit kaya ito hindi tamang response? [Pwede ring tingnan ang **1 Pedro 5:9** at **2 Timoteo 3:12**.

2. Basahin ang **1 Pedro 4:13**. Ayon dito, ano naman ang dapat nating maging tugon kapag dumarating ang mga sufferings? Nangangahulugan ba ito na nagkakasala tayo kapag nakakaramdam tayo ng lungkot? Patunayan ang sagot.

3. Ayon sa **verse 13**, anu-ano ang mga dahilan kung bakit dapat tayong magalak kapag dumarating ang mga pagsubok. Pwede ring tingnan ang **1 Pedro 1:6–7; 2:21; Hebreo 12:2**.

4. Basahin ang **1 Pedro 4:14–18**. Ayon sa **verse 17**, ano raw ang isa pang maling tugon sa mga sufferings? Ano naman ang tamang tugon? Ano ang malaking pagkakaiba ng dalawang tugon na ito? Pwede ring tingnan ang magandang halimbawa ni Pablo tungkol dito sa **Filipos 1:20**.


5. Ayon sa mga talatang binasa, bakit nararapat na pagpupuri sa Diyos ang maging tugon natin sa mga paghihirap na dinaranas natin? Hint: may kinalaman ito sa kung kaninong pangalan ang dala-dala natin (**verses 14, 16**) at kung ano ang disenyo ng Diyos dito para sa ating kaligtasan (**verses 17, 18)**.

6. Basahin ang **1 Pedro 4:19**. Ayon dito, ano ang isang maling tugon sa mga sufferings? Ano naman ang tamang tugon?

7. Ayon dito, anu-anong katangian ng Diyos ang makapag-uudyok sa atin na patuloy na magtiwala sa Diyos sa gitna ng mga pagsubok na dinaranas natin? Paanong ang katotohanang ito tungkol sa Diyos ay nakapagbibigay ng lakas ng loob sa atin? Pwede ring tingnan ang **Roma 8:28** at **1 Corinto 10:13**.

8. Balikan ang **1 Pedro 4:14**. Ano ang kaugnayan ng sufferings na dinaras natin sa Holy Spirit na siyang nananahan sa lahat ng mga Kristiyano? Ano ang matututunan natin dito sa gampanin at kahalagahan ng Holy Spirit sa buhay Kristiyano, lalo na sa pagharap natin sa mga pagsubok sa araw-araw?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Sa halip na magtaka, tayo dapat ay magalak sa Diyos sa oras na dumarating ang mga pagsubok dahil ito ay ginagamit ng Diyos para patibayin ang ating pananampalataya, ito ay pakikibahagi sa paghihirap ni Cristo, at paghahanda sa lubos na kagalakang mararanasan natin sa pagbabalik ni Cristo.
- ✓ Sa halip na mahiya, tayo dapat ay magpuri sa Diyos sa mga panahon ng pagsubok dahil ito ay nilayon ng Diyos para maitanyag ang pangalan ni Cristo at para ihanda tayo sa kanyang ganap na pagliligtas sa atin.
- ✓ Sa halip na magsawa, tayo dapat ay magtiwala sa Diyos sa mga panahon ng pagsubok dahil ito ay nasa kamay ng Diyos na makapangyayari ng lahat ng kanyang kalooban at tapat sa kanyang pangako.
- ✓ Hindi ka makatutugon nang tama sa mga sufferings kung wala sa ‘yo ang Banal na Espiritu. Ang Espiritu ang tumutulong sa atin na maharap ang mga pagsubok sa araw-araw.




## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



☐ **Read.** Basahin ang **Roma 8:18–39**.


☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Pedro 4:19**, "Kaya nga, ang mga nagdurusa ayon sa kalooban ng Diyos ay dapat magtiwala sa Lumikha, at magpatuloy sa paggawa ng mabuti. Ang Diyos ay laging tapat sa kanyang pangako" (MBB).

**Listen**. Pakinggan ang sermon na "The Spirit Helps Us Respond Well in Sufferings" sa https://bit.ly/SOG48-sufferings.

# Chapter 90 – God Sustains Our Faith to the End

**Hebrews 10:19–39**

## Panimula sa Pag-aaral





May tendency tayong tumingin sa iba maliban kay Cristo, kaya nga sabi sa Hebrews 12:2, "Fix your eyes upon Jesus…" At nandito ang burden ng book of Hebrews. Para ma-encourage ang mga Kristiyanong Judio na hindi na bumalik sa dati nilang pananampalataya. Ginawa iyon ng sumulat sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng kadakilaan ng Panginoong Jesus sa lahat ng bagay—kahit sa mga mabubuting bagay tulad ng mga propeta sa Lumang Tipan (1:1–3), mga anghel (1:4–14), kay Moises (3:1–6), sa mga punong pari, mga paghahandog, at mga kautusan (4:14–10:18).

Sa pagtingin natin kay Cristo, kahit anong gulo ng takbo ng mundo, kahit anong trials, kahit anong pressures, magpapatuloy tayong mga Kristiyano hanggang sa katapusan. At sa panahon ng trials o presssure ng society, doon makikita kung sino talaga ang mga tapat sa Panginoon. Iyon ang gusto ng Diyos, na lahat tayo magtagumpay hanggang sa finish line.

Basahin ang **Hebrews 10:19–39**.

## Pag-usapan natin . . .



1. Ayon sa **verse 39**, ano ang dalawang magkaibang klase ng mga taong nagsasabing Kristiyano sila? Ano ang dalawang magkasalungat na kahahantungan nila?

    a. Sino yung **"mga tumatalikod at napapahamak"** na binabanggit sa **verse 39**? Tingnan ang **verses 26 at 29**. Paano isinasalarawan ang sasapitin nila, ayon sa **verses 27, 30, at 31**?

    b. Sino naman yung **"mga sumasampalataya sa Diyos at naliligtas"** na binanggit sa **verse 39**? Tingnan ang **verses 32–36**.

2. Paano tayo makatitiyak na ang pananampalataya natin ay magpapatuloy hanggang wakas, lalo na sa kabila ng maraming mga pagsubok at tukso na hinaharap natin

araw-araw? Hindi ito nakasalalay sa ginawa mo, ginagawa mo o gagawin mo, kundi sa gawa ni Jesus.

a. Ang unang pundasyon ng katiyakang ito ay nasa natapos nang gawa ni Jesus para sa atin. Paano ito ipinaliwanag sa **10:19, 20** at **9:12**? Paano ito nagbibigay ng katiyakan sa atin na tayo ay magpapatuloy sa pananampalataya hanggang sa dulo?

b. Ang ikalawang pundasyon ng katiyakang ito ay nasa nagpapatuloy na gawa ni Jesus para sa atin. Paano ito ipinaliwanag sa **10:21** at **9:28**? Paano ito nagbibigay ng katiyakan sa atin na tayo ay magpapatuloy sa pananampalataya hanggang sa dulo?

3. Kung ang gawa ni Jesus ang pundasyon ng katiyakan natin, meron din naman tayong dapat gawin bilang tugon dito, para mas mapanghawakan pa natin ang katiyakang ito. Nagbigay ang sumulat ng tatlong pastoral exhortations.

   a. Ang una ay sa **verse 22**. Ano raw ang dapat nating gawin? Sa mga panahong may pag-aalinlangan tayo sa paglapit sa Diyos, ano ang dapat nating alalahanin?

   b. Ang ikalawa ay sa **verse 23**. Ano raw ang dapat nating gawin? Sa mga panahong meron tayong mga pagdududa o pinanghihinaan tayo ng loob dahil sa mga nangyayari araw-araw, ano ang dapat nating alalahanin para mas tumibay ang pag-asang ito?

   c. Ang ikatlo ay sa **verse 24**. Ano raw ang dapat nating gawin? Bakit mahalaga ang church para makapagpatuloy tayo sa pananampalataya? Pwede kaya na ang isang Kristiyano ay walang church? Ipaliwanag ang sagot.

4. Sa **verse 25** ay nagbigay ng dalawang praktikal na hakbang o paraan kung paano natin tutulungan ang bawat isa na magpatuloy hanggang wakas.


   a. Ano ang dalawang ito?

b. Bakit mahalaga ang mga ito para ang isang Kristiyano ay makapagpatuloy hanggang sa dulo?

c. Sa praktikal na mga paraan, paano natin ito magagawa sa mga kapatid natin kay Cristo, lalo na yung mga kasama nating members din ng church?

5. Basahin ang **13:25**. Ano ang kahalagahan ng pagtatapos na ito ng sulat (na tulad din kung paano tinatapos ni Pablo ang mga sulat niya)? Ano ang ipinapaalala nito sa atin tungkol sa mahalagang gawa ng Diyos para tayo ay makapagpatuloy hanggang wakas?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating...



- ✓ May mga taong nagsasabing Kristiyano sila, pero hindi naman pala. Ang pananampalataya nila ay pakunwari lang, at hindi talaga magpapatuloy hanggang wakas, hindi talaga sila maliligtas. Ang mga tunay na Kristiyano ay ang nagpapatuloy sa pananampalataya hanggang wakas.
- ✓ Ang katiyakan nating mga Kristiyano na tayo ay magpapatuloy hanggang wakas ay hindi nakasalalay sa gawa natin kundi sa gawa ni Jesus para sa atin—yung natapos na niyang ginawa sa krus at yung kanyang nagpapatuloy na ginagawa bilang tagapamagitan natin sa Diyos.
- ✓ Dahil sa gawa ni Jesus, dapat tayong magpatuloy na lumapit sa Diyos, magpakatatag sa pinanghahawakan nating pag-asa, at magtulungan sa pag-ibig sa ating mga kapatid kay Cristo. Upang mapagtulungan ang paglago sa pag-ibig, dapat tayong regular na dumalo sa mga pagtitipon ng church at palakasin ang loob ng bawat isa.
- ✓ Bagamat may ginagawa tayo para sa isa't isa, ang pangunahin dito ay ang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng bawat isa sa atin. Ang Diyos ang gumagawa para mapanatili tayong tapat sa kanya hanggang sa pagbabalik ni Jesus. God sustains our faith to the end. So, the Story of God is God at work from beginning to end.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Hebreo 11:1–12:2**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Hebreo 10:23**, “Magpakatatag tayo sa ating pag-asa at huwag nang mag-alinlangan pa, sapagkat tapat ang nangako sa atin” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Sustains Our Faith to the End” sa https://bit.ly/SOG49-perseverance.

# Chapter 91 – God will Make All Things New

## Story from Revelation 21–22; Luke 7; Acts 3; 1 Corinthians 15

### Pakinggan mo ang kuwento…





Nangako si Jesus na isang araw ay babalik siya, sabi niya, *"Sa pagbabalik ko, malalaman ng lahat na nandito na ako. Para itong isang kidlat na magliliwanang sa buong kalangitan!"*

Kapag bumalik na si Jesus, sisirain niya ang lahat ng kasamaan, kasalanan at pagrerebelde ng mga tao. Wala nang kasalanan, wala nang sakit, wala nang hirap, wala nang kamatayan. Lahat ng Kristiyano—mga tagasunod ni Jesus— buhay man o patay sa araw na iyon—ay tatanggap ng mga binagong katawan at mamumuhay sa isang binagong mundo, na ipinanumbalik sa orihinal na disenyo ng Diyos para dito. At lahat sila ay mabubuhay magpakailanman!

Ipinakita ng Diyos sa isang panaginip ng isa sa mga tagasunod ni Jesus, na nagngangalang Juan, kung ano ang mga mangyayari. Matapat namang isinulat ni Juan lahat ng ipinakita sa kanya ng Diyos…Sinulat niya:

Pagkatapos ay nakita ko ang isang bagong langit at bagong lupa, dahil ang dating langit at dating lupa ay naglaho na. At nakita ko ang banal na lungsod na bumababa mula sa Diyos doon sa langit. Para itong isang babaeng ikakasal na handang-handa na at gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya.

At nakita ko ang isang ilog, na may tubig na nagbibigay-buhay, singlinaw ng kristal, at dumadaloy mula sa trono ng Diyos at ni Jesus. Umaagos ito sa gitna ng lansangan ng lungsod. Sa magkabilang tabi ng ilog ay may punongkahoy na parehong nagbibigay-buhay! Mayroon itong sapat na bunga para pagalingin ang lahat ng pamilya sa bawat bansa.

Wala na ang sumpa sa lahat ng bagay. Dahil ang trono ng Diyos at ni Jesus ay nandoon, at ang lahat ng mga tagasunod niya mula sa iba't ibang lahi ay nandoon din at sumasamba sa kanya. At makikita nila ang kanyang mukha, at makikilala sila at lalagyan ng tanda na sila'y pagmamay-ari niya. Walang gabi roon—hindi na kailangan ng ilawan o ng araw—dahil ang Diyos mismo ang magliliwanag sa kanila. At kasama ng Diyos, lahat sila ay maghahari sa lahat ng bagay mula noon at magpakailanman.

At narinig ko ang isang malakas na sigaw mula sa trono, ang sabi, *"Tingnan n'yo, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan na siyang kasama nila. Sila'y magiging kanya. At siya'y makakapiling na nila. Ang Diyos mismo ang makakasama nila.*

*Papahirin niya ang mga luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, kalungkutan, iyakan o sakit. Sapagkat lumipas na ang dating kalagayan."*

At sinabi ni Jesus na nakaupo sa trono, *"Tingnan n'yo, binabago ko na ang lahat ng bagay! Nangyari ang lahat gaya ng nakatakdang mangyari! Ako ang Alpha at Omega—ang Pasimula at ang Katapusan. Ang sinumang nauuhaw ay paiinumin ko nang walang bayad sa bukal na nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Ang lahat ng magtatagumpay sa mundo – lahat ng sumasampalataya sa akin at hinayaang akong talunin ang kasalanan at pagkamakasariling nasa kanilang mga puso—lahat sila ay magmamana ng lahat ng pagpapalang ito, at ako ang magiging Diyos nila, at sila ang magiging mga anak ko.*

*"Pero nakakatakot ang sasapitin ng mga duwag, mga ayaw sumampalataya sa akin, marurumi ang gawain, mga mamamatay-tao, mga imoral, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyos-diyosan, at lahat ng sinungaling. Itatapon sila sa nagliliyab na lawang apoy, na siyang ikalawang kamatayan, tulad ng sasapitin ni Satanas at ng mga rebeldeng anghel."*

At sinabi ni Jesus, *"Magbantay kayo habang hinihintay n'yo ako, dahil malapit na akong bumalik!"*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, sa dulo ng kuwento ng Story of God (**Pahayag 20–22**), anu-ano ang mapapansin mong kaugnayan nito sa unang bahagi ng kuwento tungkol sa paglikha ng Diyos at pagkakahulog ng tao sa kasalanan (**Genesis 1–3**)? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa plano ng Diyos?

2. Paano nito tinatama ang karaniwang pag-aakala ng maraming Kristiyano na ang ending ng story natin ay kapag namatay na tayo at napunta na sa langit?

3. Ano ang kailangang mangyari bago ang ending na 'to, ayon sa **Mateo 24:13**? Ano ang implikasyon nito para sa church ngayon?

4. Ano naman ang mangyayari sa ending na ‘to, ayon sa **Pahayag 21:4–5**? Bakit ‘yan nakakasabik?

5. May ilang mga bagay na aabangan nating mangyayari sa ending ng Story. Isa-isahing pag-usapan kung ano ito at bakit ito kapana-panabik:

    a. Pagbabalik ng ating Haring si Jesus

    b. Muling pagkabuhay ng katawan

    c. Paghatol laban sa mga naghihimagsik sa Kaharian ng Diyos

    d. Pag-aalis ng lahat ng hadlang o anumang salungat sa Kaharian ng Diyos

    e. Paghahari ng Diyos sa kanyang bayan

    f. Pagbibigay ng gantimpala sa mga matuwid

    g. Pagpapanibago ng buong nilikha

    h. Pagpapanumbalik ng mga relasyon

    i. Walang hanggang kasiyahan sa presensya ng Diyos kasama ang mga anghel at lahat ng tinubos ng Diyos

6. Kung sa simula ng Story of God ay nakilala natin ang Diyos na “great, glorious, good, and gracious,” paano namang sa dulo ng Story of God ay masasabi nating ang Diyos ay “very great, very glorious, very good, and very gracious”? Isa-isahing pagbulayan ang mga katangiang ito ng Diyos.

7. Paano ngayon tayo dapat na mamuhay kung alam natin at inaabangan natin ang katapusan ng Story of God?

    a. Sa kung ano at paano tayo manalangin

    b. Sa pagharap sa sakit, paghihirap, at kamatayan

    c. Sa pagtugon sa kahirapan, pang-aabuso, at mga injustices sa lipunan


d. Sa pamilya at mga relasyon

e. Sa pera at mga pag-aari

f. Sa church, ministry, at missions

8. Basahin ang **Pahayag 1:8; 21:6; 22:13**. Sa pagpapakilala ng Diyos (at ng Panginoong Jesus) tungkol sa kanyang sarili na "Alpha at Omega," ano ang kahalagahan nito sa pagtingin natin sa Diyos, sa buong kuwento ng Bibliya, sa buong kuwento ng buhay natin, at sa buong kasaysayan?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating...



- ✓ Ang katapusan ng kuwento ng buhay natin at ng buong kasaysayan ay hindi lang ang pagpunta ng kaluluwa natin sa langit kapag tayo ay namatay. Ang katapusan ay ang bagong langit at bagong mundo na lilikhain (new creation) ng Diyos sa pagbabalik ni Cristo.
- ✓ Sa araw na yun, aabangan nating mangyari ang mga sumusunod: ang agbabalik ng ating Haring si Jesus; ang muling pagkabuhay ng katawan; ang paghatol laban sa mga naghihimagsik sa Kaharian ng Diyos; ang pag-aalis ng lahat ng hadlang o anumang salungat sa Kaharian ng Diyos; ang paghahari ng Diyos sa kanyang bayan; ang pagbibigay ng gantimpala sa mga matuwid; ang pagpapanibago ng buong nilikha; at ang pagpapanumbalik ng mga relasyon.
- ✓ Walang hanggang kasiyahan sa presensya ng Diyos kasama ang mga anghel at lahat ng tinubos ng Diyos
- ✓ Ang Diyos ay hindi lang great, glorious, good, and gracious. Siya rin ay very great, very glorious, very good, and very gracious.
- ✓ Kung ganito ang Diyos natin at ganito ang nakalatag na plano niyang mangyari sa pagdating ng Panginoon, meron itong napakalaking epekto sa klase ng pamumuhay natin ngayon. We must live our "now" in light of our "end."
- ✓ Ang Diyos ang simula at ang katapusan ng Story of God.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **Pahayag 20–22**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Pahayag 1:8**, "'Ako ang Alpha at ang Omega,' sabi ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang kasalukuyan, nakaraan, at darating" (MBB).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Will Make All Things New" sa https://bit.ly/SOG50-newcreation.